# Magasin ng BAGONG Buhay

MARSO 24, 1957

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY
MAR 25




LEROY at CHARITO
sa "TIRIRIT NG IBON" ng LVN

# NIDA BLANCA at NESTOR DE VILLA... *NAGKATAMBAL ULI PARA SA INYO!*

## PUGO





TINATAMPUKAN DIN NINA:

**LITA GUTIERREZ**

**VAL CASTELO**

KASAMA SINA:

**ROSA AGUIRRE ★ BEN COSCA**

**PIANING VIDAL ★ IKE JARLEGO, Jr.**

PANAUHING BITUIN:

**JOSE CORAZON DE JESUS, Jr.**



**MAROMANSANG KATATAWANAN NG LVN**

SALIG SA DULANG PANRADYO NG DZXL NA ITINATAGUYOD NG SAN MIGUEL BREWERY

KATHA NI: VIRGILIO "BEER" FLORES MUSIKA NI: JUAN SILOS, Jr.

PINAMAHALAAN NI **F. H. CONSTANTINO**

**LIFE - MARSO 30 · ABRIL 9**

**ABANGAN "EL ROBO"**

ARMANDO GOYENA ★ DELIA RAZON

CARLOS PADILLA, Jr. ★ JOSE VERGARA

Pinamahalaan ni MANUEL CONDE


Natatanging Dula Ng Pakikipag-sapalaran ng LVN

Ang biglang-biglang pagkamatay ng Pangulong Ramon Magsaysay sa isang nakapanghihilakbot na sakuna ay gumimbal sa buong daigdig. Nakiramay sa pagdadalamhati ng mga Pilipino ang mga mamamayan ng malalayang bansa.

Anang Pangulong Eisenhower ng Estados Unidos: "Si Presidente Magsaysay ay isang matapat na patnubay ng kasarinlan at isang masugid na mandirigma laban sa komunismo. Malabis na madarama ng daigdig ang kanyang pagkawala.. Ang bansang Amerikano ay nagpapahatid ng pakikiramay at pakikidalamhati sa pagkawala ng isang matalik na kaibigan.

Ganyan din humigit-kumulang ang diwa ng mga kalatas ng pakikiramay buhat sa mga lider ng marami pang bansa.

Para sa mga Pilipino, ang "hampas" na ito ng kapalaran ay higit na masakit. Hindi lamang mga kaanak at kaisang-simulain ng yumaong Pangulo ang kinamalasan ng matinding pagdaramdam. Maging ang mga kalaban sa pulitika ay nagpahayag din ng malabis na kalungkutan.



Ang yumaong Pangulong Magsaysay, nang binibigkas ang kanyang talumpati sa mga nagsipagtapos sa "University of the Visayas" noong isang Sabado, na masasabing isa nang kalatas ng pamamaalam. Kinahatinggabihan nang araw na yaon, naganap ang malungkot na trahedyang ipinagluluksa ngayon ng mga Pilipino.

# NAGLULUKSA ANG BANSANG PILIPINO

Nadama nga ng lahat ang kirot na likha ng wala sa panahong pagyao ng Pangulong Magsaysay. Hanggang sa mga sandaling sinusulat ito, maraming tao ang lumuluha. Nagluluksa ang bawa't tahanan, malulungkot na tugtugin at usap-usapan ang maririnig sa lahat halos nang dako. Higit sa lahat nang pagkakataon, ngayon ipinamalas ng mga Pilipino ang pagmamahal at mataas na pagpapahalaga sa nasawing Patnubay ng Bansa. At kaipala'y daraan pa ang matagal na panahon bago mabawa-bawahan ang pagdadalamhati ng mga naulilang mamamayan.

Nguni't wala na... ano mang pagdadalamhati ang gawin ng bayan ay di na mababalik ang buhay ng isang dakilang lalaking inagaw ng malupit na pangyayari. Sa ngayon, wala nang nalalabi sa tanang nagmamahal sa kanya kundi ang alagaan sa puso at itanim sa alaala ang iniwan niyang magagandang simulain at halimbawa...


FORMULA—EACH TABLET CONTAIN MAGNESIUM HYDROXIDE .309

## ANONG LAKING GINHAWA!



Isang pagaksaya ang kumain ng dalian, Pagkain at lakas ay kapwa nasasayang.


At kung dumaranas ng di pagkatunaw, Walang sigla, hapo pati pakiramdam.

Sa Tabletang Phillips, lunas makakamtan, Kayo'y sasangayon pag 'yong sinubukan!

25-5

Kung ang pagkain at paginom ay maging labis at humina ang inyong panunaw, humingi ng tabletang PHILLIPS MILK OF MAGNESIA. Kayo'y masisiyahan sa taglay nitong lasang kanais-nais na nagdudulot ng mabilis na ginhawa sa pangangasim at panghahapdi ng sikmura, kabag at iba pang kaligaligan sa inyong tiyan. Subukan... at tingnan kung bakit angaw-angaw na tao ang umaasa sa tabletang PHILLIPS.

Bago! Tabletang PHILLIPS, ang hirang ng daigdig, pinakamabilis magsaayos ng masamang sikmura na ngayon ay nasa magaang na paketeng "cellophane". Kahanga-hanga para sa inyong lukbutan o hanbag . . . At matipid pa. Lunukin ano mang oras, kahit saan. Ito'y basta nalulusaw sa inyong bibig.




PHILLIPS' TABLETAS A MILK of MAGNESIA

# ANG KAGIMBAL - GIMBAL NA TRAHEDYA

BIGLANG-BIGLA ang pagdatal ng malungkot na pangyayaring kumitil sa buhay ng Pangulong Magsaysay. Kaipala'y ni hindi sumagi sa guniguni ng sinoman na magaganap ang trahedyang itong gumimbal sa buong daigdig!

Halos di mapaniwalaan ang mga pangyayari. Ang lahat ay mabilis na naganap, kaugnay ng pagpapaunlak ng Pangulo sa isang paanyayang bumigkas ng talumpati sa pagtatapos ng mga nag-aaral sa ilang unibersidad sa Kabisayaan...



Nang pasakay sa aeroplano ang Pangulong Magsaysay patungong Sebu. Iyon na ang kahuli-hulihang pagkakita sa kanya ng mga iniwan niya sa Maynila. Kasama ng Pangulo sina Sen. Cabili at Kong. Lopez, kabilang sa 26 na nasawi sa malagim na kapahamakan.



Masayang sinalubong pa ng mga taong-bayan ang Punong Tagapagpaganap paglapag sa Sebu. Kaipala'y hindi man lamang kinukutuban ang Pangulo na nalalapit na ang oras ng kanyang kamatayan.



Nabahala ang buong bansa nang ipatalastas na nawawala ang "Mt. Pinatubo" matapos lumipad na pabalik sa Maynila. Higit na naligalig ang mga taga-Malakanyang na sa bawa't sandali ay humihingi ng ulat ng hukbo...



At... dumating ang balitang natagpuang wasak ang aeroplano. Patay ang lahat nang sakay! Isa lamang ang mahimalang nakaligtas. Nagpadala kaagad ng pangkat na panaklolo sa pook na pinangyarihan ng sakuna. At natagpuang bangkay ang Pangulong Magsaysay, kasama ng iba pang sunog na katawan!



Ang makapal na taong maghapong nag-antabay ng balita sa bakuran ng Malakanyang ay para-parang nagsipanlumo nang mabatid ang opisyal na patalastas sa pagkasawi ng Pangulo. Marami ang napaluha at napabulalas nang panangis! Sapagka't wala na... patay na ang pinakamamahal nilang Idolo ng Bayan!




## sa KAGINHAWAHAN at KAPANATAGAN



Narito ang isang ginoo, na namamahinga na sa gulang na 65. Nguni't hindi niya kailangang magpatuloy sa paghahanap-buhay o magpalimos upang siya ay mabuhay. Noong panahon ng kanyang kabataan, ang ginoong ito ay nag-impok ñg bahagi ng kanyang sahod sa buwan-buwan at pinuhunan ito sa polisa sa seguro sa buhay. Tiniyak niyang magkaroon ng sapat na salapi sa panahong higit na kailangan ito... sa panahon ñg kanyang katandaan.

Ngayon, ang kanyang pamumuhunan ay nagbibigay sa kanya ng mabuting pakinabang... siya ay tumatanggap ng tseke buwan-buwan... sa pare-parehong petsa... habang siya ay buhay. Siya ay ganap na nagtatamasa ng buhay na maginhawa at panatag sa panahon ng kanyang mga huling taon.

At kayo naman? Nakapaglaan na ba kayo ukol sa inyong pangangailangan sa panahon ng inyong katandaan? Sa walang ano mang gugol ay tumawag sa isa naming kinatawan upang siya ang magpaliwanag sa inyo ng mga bagay-bagay ukol sa aming "Retirement Plan" Tawagan siya NGAYON!

**NATIONAL LIFE INSURANCE COMPANY OF THE PHILIPPINES**
Regina Bldg., Escolta, Manila

**ATTENTION! BOYS AND GIRLS!**
Join the National Art and Craftsmanship Contest, sponsored by the Junior Chamber of Commerce and the Art Association of the Philippines.

More than P1,000.00 in cash prizes, donated by the National Life Insurance Co., are at stake. For particulars write to: Philippine Junior Chamber of Commerce, P. O. Box 3222, Manila.

*Twenty-four years of service*



Buong-giliw na nakangiti ang Pangulong Magsaysay sa mga batang nagsisipag-aral sa isang paaralan sa San Fernando. Mababakas sa mukha ng mga bata ang kasiyahan at pagmamahal sa kanilang lider at kaibigan.

Kapiling ng karaniwang mga mamamayan, sinusuri ng yumaong Pangulo ang isang patubig na ipinatayo sa Baryo Salangan, San Miguel, Bulakan.



# WALA NA ANG KAIBIGAN NG KARANIWANG MAMAMAYAN!

ANG yumaong Pangulong Ramon Magsaysay ay nakilala ng lahat bilang isang "kaibigan ng karaniwang mga mamamayan". Sa panahon ng kanyang panunungkulan, malimit siyang magtungo sa malalayong bayan at mga liblib na nayon. Nakasuot ng karaniwang polo, nakikihalubilo siya sa mahihirap, nakikisalo sa mga magbubukid, nakikipaghuntahan sa mga dukhang mamamayan. Sa karaniwang pagkakataon, ang tanging layon niya ay dinggin ang karaingan ng mga taong-bayan at ipagkaloob ang kanyang magagawang tulong. Siya ang lumalakad upang higit na maunawa at madama ang kalagayan ng kanyang mga kababayan.

Dahil diyan, kaya naman ang yumaong Pangu-

Kung hindi makapagsipilyo matapos kumain
Sapat na ang Minsang *Pagsisipilyo* ng

**COLGATE DENTAL CREAM**

✓ Laban sa Pagkabulok ng Ngipin sa ***Maghapon*** !
✓ Pinapawi ang Masamang Hininga ***Agad-agad*** !
✓ Pinananatiling ***Maganda't Malinis*** ang Ngipin!




may GARDOL.*

*Colgate's Trade-Mark For Sodium N-Lauroyl Sarcosinate

itinatagubilin ng PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION


PINABABANGO ANG INYONG HININGA
HABANG NILILINIS ANG INYONG NGIPIN!



Nakasuot ng karaniwang polo, ang yumaong "kaibigan ng mga mamamayan" ay makikitang nagsusuri sa isa pang patubig sa nayon namanng Lanang, Kandaba, Pampanga. Ang kinaugaliang pagtungo ng nasirang Pangulo sa malalayong nayon upang alamin ang kalagayang pangkabuhayan ng mga taga-baryo ay isa sa labis na ikinamahal niya sa kanyang mga kababayan.




Kinaugalian na rin ng Pangulong Magsaysay ang walang-kaabug-abog na pagdalaw sa iba-ibang pook upang tingnan ang kalagayan ng mga mamamayan. Dito'y makikita siya sa isang pamilihan...



Nang dumalaw ang Pangulo sa isang paaralan sa pagksasaka sa Kamarines Sur. Makikitang sinusuri niya ang ilang baka sa naturang paaralan, habang nag-uusisa ng mga bagaybagay sa ikauunlad ng pagsasaka sa naturang lalawigan.

lo ay napamahal nang gayon na lamang sa kanyang bayan, lalung-lalo na sa mahihirap. Sa bigla niyang pagyao, nawala na ang mabait na kaibigan ng karaniwang mamamayan. Hahanap-hanapin ng lahat ang kanyang mga kabutihan at magiliw na pakikitungo — na aywan kung tamasahin din ng mga taong-bayan sa ibang uugit sa ating bansa...



Umlinom ang Pangulong Magsaysay sa isang poso-artesyano sa isang nayong nabiyayaan ng palatuntunan ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng mga nayon. Sa larawang ito'y minsan pang mapatutunayan na ang yumaong Lider ng bansa ay sadyang kaibigan at kaisang-damdamin ng karaniwang mga mamamayan. Sa kanyang pagkamatay ay nawalan ang marami ng isang mabait, matapat at tunay na kaibigan!


## Naghihintay na kasiyahan




# Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali

Narito ang masarap na pampalamig na matatamasa ng lahat sa inyong p- ilya. Sa daigdig ay wala nang inuming napakadalisay at kasiya-siya — wala ng ma' 'ning, kuınikislap na linamnam. Maglaan ng maraming popular na Coca-Cola — par. hapag, sa panauhin, sa mga salu-salo. Ito'y laging hinihintay!

DRINK Coca-Cola
30TH ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: SAN MIGUEL WERY

Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA

ANG ARAW ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

1 Fl.oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr., Boric Acid 1 u gr., Berberine Sulphate 1/8 gr., Zinc Sulphate 1/4 gr. 12-2




# SA KABILA NG MALAONG PAGKAKALUGMOK, NAKATITIG ANG KAGAYAN SA ISANG MAUNLAD NA KINABUKASAN

ANG KAGAYAN ay masasabing isang lalawigan sa Hilagang Luson na matagal na napag-iwan ng panahon. Habang patuloy sa pag-unlad ang maraming bayan at lalawigan sa Kapuluan, ang Kagayan ay bahagya nang makaangat sa kanyang dating lugmok na kalagayan. Ang dahilan: ito ay na sa isang hiwalay at mataas na kapatagang kulang sa mga sasakyang nagyayao't dito sa mauunlad na lalawigan.

Hanggang sa kasalukuyan, marami pang pook at bayan sa Kagayan ang larawan ng matandang kabihasnan. Ang isang naglalakad sa lubak-lubak na mga daan sa lalawigang ito ay may mararaanang matatandang simbahan na iginuguho na ng panahon (gaya ng makikita sa itaas). Ang maririkit at makabagong tanawin ng kabihasnan na taglay ng ibang lalawigan ay bihirang makita sa kanyang sinapupunan.

Subali't sa kabila ng lahat nang iyan, ang Kagayan ay nakatitig pa rin sa isang maunlad na kinabukasan. Hindi nawawalan ng pag-asa ang kanyang mga mamamayan na tatamasahin din nila, balang araw, ang kasaganaan at kaunlarang pinagpapasinayaan ng ibang lalawigan. At kagaya ng makabagong tinggalan ng palay sa Nuweba Biskaya (ibaba) na sagisag ng kaunlaran, ang mga taga-Kagayan ay naniniwalang darating din ang panahong sisikat sa kanila ang maayang araw — sagana sa ani, mayamang mga imbakan... masaganang kabuhayan!





Kagandahang-loob ni
Norma Jafitana



# Moda


pitak ni marissa



Mga larawang kuha ng TROPICANA

# Sining ng Kasiya-siyang Pamumuhay

ni Maria Salome Tonsay



ANG "FILIGREE" ay isang disenyo na naging sa hugis ay pambihira. Ito ay niyari sa pinagsamang ginantsilyong "lace" at "braid". Katulad ng pangkaraniwang doily, ang disenyong ito ay ginagamit na palamuti sa ibabaw ng mga kabinet ng radyo, mesa at marami pang iba.

### MAPANGANIB SA SANGGOL ANG BERIBERI

Ang beriberi ay kinikilala pa ring mamamatay bilang 1 ng mga sanggol. Ito ay isang katotohanang sinasang-ayunan ng maraming manggagamot. Kaya upang makatulong sa paglutas sa suliranin ng mga ina ay inilalakip namin dito ang mga paliwanag ni Dr. Alberto Tupas hinggil sa pinagmumulan ng beriberi.

Natuklas sa pamamagitan ng mga pananaliksik na siyentipiko na ang beriberi ay sakit na likha ng kakulangan sa bitamina. Kapag ang katawan ng tao ay nagkukulang sa bitamina ay nagiging mahina ang panlaban sa beriberi. Ang sakit na ito ay tumutubo sa isang tao kung nagkukulang ang katawan sa Bitamina B1 at ang tanging makalulunas ay ang mga pagkaing sagana sa sustansiyang nabanggit.

Ang isang inang nagtataglay ng sakit na beriberi, dahil sa pagkukulang ng Bitamina B1, ay magkakaroon ng sustansiyang *methyl glyoxal* na kauri ng *pyruoic acid* sa kanyang gatas na kapag nasuso ng sanggol ay siyang pagmumulan na ng sakit na ito. Gayon man, kung ang pagkain ng ina ay nagtataglay ng bitaminang nabanggit na natatamo mula sa sariwang gulay, prutas, karne, beans at itlog, ang kanyang sanggol ay hindi dadapuan ng *infantile beriberi*.

Upang maligtas ang mga sanggol sa sakit na ito ay kinakailangang gumawa ng paghahanda ang mga ina sa pamamagitan ng pag-inom o pagpapasaksak ng ineksiyon ng mga gamot na sagana sa bitamina B1. Makabubuti rin ang pagbibigay sa sanggol ng Tiki-tiki na sariling produkto natin.

Bihirang magkasakit ng beriberi ang mga sanggol na dinudulutan ng gatas sa lata sapagka't ang gatas ng baka ay may Bitamina B1 na ang lakas ay makaitlong ulit na higit kaysa sa gatas ng isang ina.

Ang sakit na beriberi ay karaniwang dumarapo sa mahihirap dahil sa ang pagkain ay hindi timbang at karaniwan ay sagana sa kanin nguni't kulang sa ulam. Ang sakit na ito ay naiiwasan din ng mga sanggol na binubuhay ng gatas ng nakaririwasang mga ina sapagka't ang kinakain ng mga ito ay sagana sa bitamina.

Sa kabila ng mga katotohanang nabanggit tungkol sa beriberi, hindi naman nangangahulugang ang pagdudulot ng gatas sa lata sa sanggol ay laging nakabubuti kaysa pagdudulot ng gatas ng ina. Ang gatas ng tao, bagama't kadalasang may taglay na beriberi sa panig ng mga dukha, ay malaki rin ang kabutihang naidudulot sapagka't ang mga sanggol ay hindi karaka-rakang dinarapuan ng bulutong, tigdas, bulutong-tubig, at iba pang sakit sa loob ng unang tatlong buwan, bukod pa sa pagiging higit na malinis at matipid.

### SULIRANIN SA KUTIS

(*Kagandahang-loob ni Nena Hermosa ng Fresco*)

Ang edad ay hindi isinasaalang-alang ng kahit sinong babae kung pangangalaga ng kutis ang paguusapan. Mula sa mga tinedyer hanggang sa mga may-kagulangan na ay pawang nagsisipag-ingat sa kanilang mga kutis, at lahat sila ay nababalisa kung nagkakaroon sila ng suliranin ukol dito.

Ang kutis ng tao ay laging nagbabago, at ito ay sumusunod sa maraming bagay at dahilan — tulad ng panahon, pagkain, pagiingat, at kahit na sa damdamin.

Ang lihim ng magandang kutis ay nababatay sa kaalaman ng may katawan sa uri ng kanyang kutis — at kung papaano ang kanyang gagawin upang malunasan ang kanyang suliranin ukol dito.


*Natutuyong balat.* Kailangan sa ganitong uri ng balat ang kremang masagana sa langis na siyang magpapanatiling malambot sa kutis. Ang pagiingat ng mukha sa malakas na hangin at sa labis na pagkabilad sa araw, at ang manipis na pahid ng "cold iream" o lusyon ay mahusay sa uring ito ng kutis.

*Malangis na kutis.* Sa uring ito ng balat ay kailangan ang pangangalaga, gaya ng makalawa o makaitlong paghihilamos na may sabon sa loob ng maghapon. Gumamit ng mainit na tubig sa paghuhugas ng bula ng sabon sa mukha. Iwasan ang mga sangkap na malangis sa mukha, tulad ng krema. Hanapin ang uri ng kosmetikong sadyang inilalaan sa may ganitong kutis.

*Malangis nguni't nanunuyo:* Ang malangis na ilong at baba nguni't nanunuyong pisngi ay kailangang maalagaan ng makalawang ulit na paghihilamos ng mainit na tubig sa maghapon. Pagkatapos ay pahiran ng krema ang pisngi at paligid ng mata lamang. Bago muling magpulbos o magpahid ng *make-up*, dampian ng "astringent" ang

(Buklatin sa pah. 20)











MODA NG MGA ALAHAS — *Naging karaniwang bagay na kinababaliwan ng kababaihan sa panahong ito ang magagarang alahas na niyari mula sa mga sangkap na dati ay hindi pinahahalagahan. Ang mamahaling mga alahas ay parang nilipasan na ng moda at kinalulugdang gamitin ng kababaihan ay ang tinatawag na "fancy jewelries" na gaya ng nangakalarawan.*

# Mga Suliranin ng Puso

BINIBINING MARISSA: Noon pong nagdaang tag-araw, sa pagbabakasyon ko sa kalapit na lunsod ay nakakilala ko ang isang binatang nakatatanda sa akin ng isang taon. Ako po sa kasalukuyan ay may 21 taong gulang. Sa palagay ko po ay nagkaroon ako ng tinatawag na "pag-ibig sa unang pagkikita" sapagka't sa pagkikilala namin ay kakaiba ang aking nadama kaysa sa mga iba kong nakakilala.

Ang aming pagpapalagayang-loob ay nauwi sa matamis na pagtitinginan. Pagkaraan po ng aking pagbabakasyon ay bumalik na ako sa aming lalawigan, nguni't siya'y nagpahayag ng pag-ibig sa pamamagitan ng kanyang mga sulat. At sa pamamagitan din ng mga liham ay ipinagtapat kong siya'y aking iniibig.

Pagkaraan po ng walong buwan ng pag-iibigan sa pamamagitan ng sulat ay bigla na lamang siyang tumigil sa pagliham. At kamakailan po'y tumanggap ako ng balita na mayroon na siyang ibang kasintahan. Ano po kaya sa akala ninyo ang kanyang layunin para sa akin? Dapat ko na po kayang limutin siya o sulatan kong muli upang minsan pang bigyan ng pagkakataong magpaliwanag? —BELLA.

BELLA: Ang masasabi ko ay tiyak na wala na siyang pagtingin sa iyo, lalo't ibabatay sa pagtigil niya ng pagliham at sa balita mong mayroon na siyang kasintahan.

Kaya ano pa ang hinahanap mong paliwanag? Nagsawa na siya marahil o dili naman kaya'y natagpuan na niya ang kanyang hinahanap at itinuturing na niyang isang panaginip ang inyong pagkikilala. Ang maipapayo ko'y limutin mo na siya. —MARISSA.

BINIBINING MARISSA: Ako po'y dalaga at may 20 taong gulang sa kasalukuyan. Tatlong taon na po ang nakararaan nang makipagsundo ako sa isang binatang kabaryo ko. Noong kami'y kapuwa na sa lalawigan pa ay mapilit po siyang kami ay pakasal na, nguni't kami po'y kapuwa mga bata pa at hindi pa handa upang lumagay sa tahimik kaya tumanggi ako. Sa halip ay hinimok ko siya upang ipagpatuloy niya ang kanyang pag-aaral. Sa tulong po ng Maykapal ay nakaraos naman po siyang maluwalhati at ngayon ay mayroon nang hanapbuhay na sapat nang makabuhay ng pamilya. Nguni't ngayon po ay nakalimot na siyang magpahatid man lamang ng balita sa loob ng lumipas na dalawang taon.

Ang suliranin ko po ngayon ay ito: Maraming nangingibig sa akin at isa po sa kanila ang mapilit na sagutin ko at tuloy na kaming pakasal sa lalong madaling panahon. Natutuhan ko rin pong ibigin ang lalaking ito lalo pa't kung ang pagbabatayan ko ay ang kanyang ugaling siyang hinahanap ko sa aking mapapangasawa kung sakali. Tatanggapin ko ba ang kanyang pag-ibig kahit hindi pa ako nakikipagkalas sa aking katipan? Ano po kaya ang mabuti kong gawin? — NANINIMDIM.

NANINIMDIM: Ang payo ko'y sulatan mo muna ang iyong katipan upang tiyakin siya. Bigyan mo pa siyang minsan ng pagkakataon sapagka't malay mo kung siya'y abala sa paghahanda para sa inyong kinabukasan kaya hindi siya makaliham sa iyo. Gayonman, sabihin mo rin sa kanyang hindi ka niya maaaring sisihin sapagka't siya ang nagkulang at lalong wala siyang karapatan upang hadlangan ang iyong mga pagkakataon gayong lubusan siyang nagpabaya sa inyong salitaan. Maaaring nalimot ka na nga niya, at karapatan ng sino mang babae ang kumalas sa salitaan kung may sapat na dahilan. Hindi mo na kasalanan ang umibig sa ibang lalaki, lalo't isang lalaking makapagpapaligaya sa iyo at tapat sa hangaring pakasalan ka. — MARISSA.




*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# Mapusok Ang Kabataan Ani "Mister Sikologo"




PUMASOK sa isang restawran ang isang sikologo upang magpalamig. Humingi siya ng isang boteng kola-kola. Nguni't bago niya napasimulang sipsipin ang inuming pampalamig ay nagpasukan ang isang buong "gang" ng mga tin-edyer. Di katulad ng iba, hindi lumabas ng restawran ang sikologo. Nakaalis at nakaalis ang barkada ng kabataan ay di siya naano. Bihirang mangyari ang gayon. Kaya, kinapanayam namin ang sikologo.

T. Bakit po ba nagiging palasak ang ginagawang panggugulo ng kabataan ngayon?

S. *Sapagka't iyan ang kanilang paraan ng paglilibang.*

T. Paglilibang?

S. *Katulad ng tawag sa kanila, para rin silang bata na hindi maaaring hindi maglaro... maglibang, sa lalong maliwanag na salita.*

T. Sandali lang po. Ano po ba ang tinatawag na kabataan?

S. *Ang kabataan ay yaong mga taong na sa pagitan ng kamusmusan at katandaan. Alalaong baga, yaong mga musmos na kumikilos nang parang matanda, at yaong matatandang ibig magbalik sa kamusmusan.*

T. Bakit po nasabi ninyong kailangang maglibang ang kabataan?

S. *Isang sikologong katulad ko ang nagsabing "ang tao ay dapat magpakasaya at magpakalango sa buhay habang na sa kanyang kabataan upang kung siya'y tumanda ay magkaroon siya ng magagandang gunita ng nakalipas."*

T. Kaya po marahil kahit matatanda'y kumikilos at nag-aayos bata?

S. *Tama. Gaya ng sabi ko, para nga makapaglibang.*

T. Paano po nangyaring ang panggugulo ay nagiging libangan lamang ng kabataan?

S. *Ang kabataang gumagawa niyan ay nabibilang sa pangkat ng mga musmos na ibig tumanda agad. Pag malakas-lakas na ang kanilang mga buto ay lumalayo na sila sa kanilang mga magulang at nagbubuhay-malaya. Akala nila'y matanda na sila, gayong sa katunaya'y may gatas pa rin sa mga labi.*

T. Ano po ang masasabi ninyo sa ganyang kabataan?

S. *Lubha silang mapupusok.*

T. Mapusok po sa anong paraan?

S. *Sa lahat ng bagay.*

T. Mapusok din po ba ang kabataan nang kapanahunan ninyo?

S. *Naku, malayo ang pagkakaiba sa kabataan ngayon. Noon, pag pinabili kami ng singkong panutsa sa tindahan, kailangan pang isama namin ang aming lolo para hindi kami madaya sa sukli. Ngayon, bigyan mo ang kabataan ng pambili ng sapatos at mabilis na babalik — dala ang sapatos, dala pa rin ang perang pambili.*

T. Saan pa po ninyo nakikita ang kapusukan ng kabataan?

S. *Sa pagdalu-dalo sa mga sayawan.*

T. Mapusok po sa pagsasayaw?

S. *Hindi. Sa pagkuha ng makakasayaw, lalo pa ngayong nauuso ang rock n' roll. Inaakala nilang kahit sa pagkuha ng kapareha'y kailangan ang gilas.*

T. Marahil po'y higit na nakalilibang ang gayon?

S. *Aba, natututo ka pala sa pagpapanayam natin!*

T. Higit din po ba silang nasisiyahan pag pumapasok sila nang palihim para makadalo sa isang pagtitipon?

S. *Sa palagay ko'y oo. At ang pagsasagawa niya'y ibinibilang nilang tagumpay, lalo pa kung marami silang maguguIo sa pagtitipon.*

T. Mapusok din po ba sa pagligaw ang kabataan ngayon?

S. *Wala ka bang balita? Dinadaig pa sa kapusukan ang propesyonal ng mga "gigolo". Magkatinginan lamang nang tuwid ang isang babae at isang lalaki — paglalapit nila, magnobyo na.*

T. Kay-inam, ano po?

S. *Lekat na bata ire.*

T. Ano po ang masasabi ninyo sa nauusong pantalong lo' waist?

S. *Mainam sana pagka't matipid sa tela, pero napakababa. Minsang mahatak nang bahagya ay... alam mo na.*

T. Kaya po marahil nagtitipid ang kabataan ay dahil sa naghihirap silang humanap ng pera?

S. *Naku, paano hihirap? Marami na sa kabataan ngayon ang matalino. Isinasagawa nila ang sawikaing "na sa pagkakaisa ang lakas". Kaya nagkakaisa sila... sa pagdidilihensiya.*

T. Ano pong dilihensiya?

S. *Halimbawa'y paghingi ng pambili ng sigarilyo o alak.*

T. Paano po nila ito isinasagawa?

S. *Una'y sa mabuting pakiusap, kunwari. Nguni't pag tinanggihan sila'y bubugbugin na ang hinihingan.*

T. Mabuti po sana kung laging may ibibigay ang kanilang hinihingan?

S. *Kung minsan, upang makatiyak, malalaking tao na ang kanilang pinagdidilihensiyahan. Dito nila ginagamit ang taktika ng tunay na mga manghoholdap.*

T. Hindi po ba paglabag na iyan sa batas?

S. *Paglabag nga, subali't tutoong madudulas ang mga kabataang iyan.*

T. Kung kadulasan po ang idadahilan sa hindi ikapapabuti ng mga nalilisyang kabataan

(*Buklatin sa pah. 20*)

**Dalangin Ng Isang Tin-edyer**

**Ama namin, hindi na po baleng kinuha Mo si James Dean. Pero huwag Mo po munang palilipasin ang sayaw na rock n' roll. Ngayon lang po ako natututo ng rock n' roll. Baka maparis na naman po noong nag-aral ako ng charleston. Bago pa lang ako natututo ay biglang nalaos ang charleston at napalitan ng mambo. 'Tapos, nag-aral po ako ng mambo, pero hindi pa hu ako natututo, pinalubog ka'gad ng cha-cha ang mambo.**

**Kaya Ama namin, sabagay hu e, masamang-masama ang loob ko dahil kinuha Mo si James Dean, pero hindi na bale, huwag Mo lang po palalausin ka'gad ang rock n' roll. Natutututo na po ako, e!**

**NANGHAWAK SA KANI-KANILANG PANATA ANG DALAWANG PUSO HANGGANG SA MAKIALAM SA KANILA ANG KAPALARAN**



# TAKDA

*ni Alfonso I. Pagaduan*

SARI-SARI ang larawang dumagsa sa isip ni Alan nang natatanaw na niya ang *apartment* na dati niyang tinutuluyan. At sa larawang yaon ay nakapananaig ang kaanyuan ni Ling.

Sa panulukan ng daan ay mabilis ang kaba ng dibdib na napahinto si Alan. Muli niyang nadama ang pag-uulik-ulik. Hindi siya nakatitiyak kung naroon pa rin si Ling.

May ilang buwang umiba siya ng tinitirhan. Ginawa niya iyon upang malayo kay Ling. Natutuhan niyang ibigin si Ling sa loob ng panahong naging magkakapit-silid sila sa *apartment* na iyon. Nang siya'y umalis doon ay iyon lamang ang mabuting paraang naiisip ni Alan upang mapanatili niya ang kanyang panatang noong bagu-bago pa silang magkakilala'y naisalaysay na rin niya kay Ling.

May panata rin si Ling: *Natatakot akong muling umibig. Ikaliligaya ko nang pag-ukulan na lamang ng banal na gunita ang aming nakaraan ng aking kabiyak. At ibig kong ang aking pagmamahal ay masarili ng aking* naging katangian na ng mga mata ni Ling.

Napipi si Alan at namagitan sa kanila ang katahimikan.

Walang anu-ano, mula sa *juke box* sa kalapit na restawran ay marahang pumalaot, ang himig ng tugtuging *Love and Devotion* na sumunod sa isang *cha-cha.*

Yaon ang paboritong tugtugin ni Ling. At nakita ni Alan na mula sa pagkakatanaw sa malayo'y marahang yumuko si Ling. At ilang sandali pa'y may kumislap na luha sa mga mata ng babae.

Ang kalungkutang na sa damdamin ni Ling ay nadama ni Alan na tumagos din sa kanyang puso, at siya'y napabuntunghininga. Nagunita niya ang tatlong anak niyang na sa lalawigan at ang kanyang yumaong kabiyak. At sa mga sandaling iyon ay naihambing niyang kung paanong buhay sa kanyang alaala ang kahapon ay gayon din marahil katiim ang gunitang iniuukol ni Ling sa lalaking minsa'y naging bahagi ng kanyang buhay.

At noo'y naitanong ni Alan sa sarili: *paano nga anak, ni Alvin... ngayong patay na ang kanyang ama.*

Sa mga oras kung gabi na kapuwa sila na sa bahay ay madalas silang nagkakakuwentuhan. Magiliw si Ling bilang isang kaibigan. At nang isalaysay ni Ling ang kanyang panata'y hindi rin napigilan ni Alan na ipagtapat na may panata rin nga siya.

—Kapuwa tayo may panata, —nasabi pa ni Alan nang gabing iyong magkakuwentuhan sila. At siya'y tumawa. Nguni't nakita niyang bahagya nang namakas ang ngiti sa mga labi ni Ling. Nakita niyang noo'y matingkad ang kalungkutang *muling makikipagtalik ang pag-ibig sa kanilang mga puso kung ang mga ito'y nakatali sa kabanalan ng lumipas?*

Bago natapos ang tugtugin ay narinig niya ang basag na tinig ni Ling. — Ipagpaumanhin mo... ibig ko sanang mapag-isa!

AT NANG sumunod pang mga araw ay nabatid ni Alan kung paanong ang tugtuging yaon, na nakagiliwan na rin niya nang lumaon, ay naging paborito ni Ling.

—Hindi ko malilimot ang gabing iyong kami'y pag-isahin, —hindi napigilang pagsasalaysay ni Ling. At noo'y parang nakikita ni Alan na ang alaala ni Ling ay nakatanaw sa nakalipas na hindi makayang palabuin ng nagdaang labing-isang taon. —Sa gitna ng pagbubunyi ng mga kaibigang dumalo ay m a l i g a y a kaming umindak sa saliw ng tugtuging iyon. Iyon ang aming *theme song.* At kung paanong maagang namatay ang kaligayahang iyon ay siyang hanggang ngayon ay hindi ko mapaniwalaan. At bagaman nagwakas sa luha'y kung bakit kinadaramahan din ng lihim na kaligayahan kung alalahanin.

Ang katanungang iyon ni Ling ay naitatanong din ni Alan sa kanyang pag-iisa. *Bakit nga... bakit?* At kung ganap na naipaalipin niya ang puso't damdamin sa kariktan ng nagdaang mga araw na kapiling niyang tumatahak sa landas ng buhay ang yumaong kaisang-dibdib ay saka niya inaaming hindi mapupunan ng iba ang puwang na nalikha sa kanyang puso. Ang makaliligaya na lamang sa kanya ay ang makitang naihatid niya, balang araw, sa isang magandang bukas ang kanyang mga anak at ni bahagya'y hindi niya pinagkulangan ng pagmamahal, pagmamalasakit at pagtingin.

Nang mga unang araw ni Alan sa *apartment* na iyon ay kadalasang sa pamamasyal inaabot siya ng gabi. Nguni't nang maging magkabatian sila ni Ling ay nakaiigaya sa kanya ang makipagbalitaan na lamang siya rito, hanggang sa iyon ay maging bahagi na ng kanilang mga oras bago matulog.

Iyon ay naghatid sa kanila sa isang magandang pagtitinginan upang maging isang bukas na aklat kay Ling ang buhay ni Alan. Ang lahat ng pangarap niya, ang kanyang mga lunggatiin, ang ka-

*(Sundan sa pah. 15)*

# DAMBANA AT *Pangako*

nina MARTIN P. PANTALEON at GREGORIO R. FLORENCIO



(Ika-28 Labas)

MALAKAS na malakas ang ulan. Sa pagdidilim ng paligid, ang kubo'y nagmistulang isang kumpol na itim sa gitna ng bukiran.

Ang bitak-bitak na bukiran, tulad sa isang nauuhaw ay sumimsim nang sumimsim ng tubig-ulan. Nguni't hanggang sa masiyahan ang tigang na lupa; hanggang sa tumanggi nang simsimin ang tubig na patuloy na ibinubuhos ng Kaitaasan; hanggang sa umapaw ang mga bitak at umagos ang tubig mula sa mataas na dako ng bukid patungo sa kapatagan ay hindi humupa ang unos.

MULA SA pagkakahilig sa dibdib ni Eddie ay may pagkatakot na napaangat ang mukha ni Aida.

—Natatakot ako, Eddie!

Kinuyom ni Eddie sa kanyang kamao ang nanlalamig na palad ni Aida saka ngumiti nang may pag-unawa.

—Kailangang tumigil na ang ulan, —patuloy ni Aida.

Buhat sa isang panig ng kubo'y lumapit sa kanila sina Ramon at Chit. Larawan din ng pagkabahala si Chit.

—Ang hirap naman nitong nasilungan natin, Eddie. Kabi-kabila'y tulo. —Si Ramon ang nagsalita.

—Hanggang sa sulok na napadparan namin ay may tulo rin.

—Mabuti rito, kaunti lang, —sabi naman ni Eddie.

—Sus naman kayo,... ang tulo ang iniintindi ninyo, —katlo ni Chit sa dalawa. —Alalahanin ninyong gabi na'y hindi pa tumitila ang ulan.

Nakahalukipkip na lumapit si Ramon sa pinto ng kubo.

Hindi nakatagal si Ramon sa gawing iyon nang anggihan siya. Hinahaplos ng mga kamay ang nabasang mukha, nagbalik siya sa pagkakaupo sa tabi ni Eddie.

—Malakas pa rin ang ulan, —aniya.

Sa pamamagitan ng bahagyang liwanag na pumapasok sa pinto ng kubo'y inaninag ni Eddie ang kanyang orasang panggalang —mag-iikaapat na.

—Paano ito? —nang magtama ang tingin nila ni Ramon ay nasabi niya.

**HINDI NAMAMALAYAN NINA AIDA AT EDDIE AY TUMATAKAS NA PALA SILA SA KANILANG MALUPIT NA LIPUNAN . . .**

—Mabuti kaya'y sumagasa na tayo sa ulan, —mungkahi ni Chit.

—Baka gumabi nang hindi pa tumitila ang ulan, Eddie. —Si Aida ang nagsalita.

—Palagay kaya ninyo'y nakauwi na ang mga kasama natin? —tanong ni Eddie.

—Hindi na tayo babalik doon, Eddie, —nabiglang sabi ni Aida. —Nakauwi man sila o hindi ay magpatuloy na tayo sa daang ito. Malayo na tayo sa kanila at higit na malapit kung magtutuloy na tayo ng pag-*shortcut* sa bukid.

—Oo nga naman, Eddie, —katig kay Aida ni Ramon. —Saka isa pa'y asang-asa silang nakauwi na tayo. Kailangan pa nga'y huwag na tayong pakita sa kanila, e.

—Umuwi na tayo. Sa bukid na kung sa bukid tayo magdaraan, —ani Chit.

Sumagasa ang apat sa malakas na ulan. Si Eddie ang nangunguna. Akay-akay niya si Aida. Ang anag-ag ng makapal na kawayanan sa gilid ng *highway* ang laging tinatanaw ni Eddie. Iyon ang nagsilbing patnubay nila sa pagsaluno sa unos. Sa *highway* ay malimit ang daan ng mga bus. Hindi sila maiinip ng paghihintay. Makasasakay na sila. Sasapit din sila sa Maynila.

May pangambang nadama si Eddie. Marami siyang naisip na dapat niyang katakutan pagsapit nila sa Maynila. Marami rin siyang naisip na pumapawi sa kanyang pangamba, nguni't hindi makapanaig ang mga ito. Nanatili ang pagkatakot na kanyang nadarama.

Ang ulan ay unti-unting humupa habang nalalapit sila sa *highway*. At nang sapitin nila iyon ay nagliliwanag na ang kapaligiran. Subali, ang gayon ay hindi nakapagpatighaw sa sali-salimuot na damdaming pumupuno sa dibdib ni Aida —pagkabagabag, pag-aalala, pagkainip. Si Eddie na nakauunawa sa nadarama ni Aida ay hindi makapangusap. Nanatili na lamang siyang nakikiramdam sa kasintahan. Maging sina Ramon at Chit ay gayondin.

Isang kotse ang humahagibis na nagdaan. Hinabol pa iyon ng kanilang tanaw. Nguni't ang kabilisan at kalayuan ng sasakngan ng bus na sasakyan nila. At hindi nagtagal ay sa-darating ang isang bus. Sa malas ay inabot din iyon ng nagngalit na unos sa sabana.

Hanggang sa nang mangakasakay na sila at tumatakbo na ang bus ay magkibuan-dili sina Eddie at Aida. Hindi napawi sa mukha ni Aida ang nakabahid na pangamba. Si Eddie ay hindi rin nagbago. Larawan ng pagmamahal, ng pag-unawa. Mandi'y nawalan na ng puwang sa kanilang pangunawa ang pag-uukol sa kanila ng ibang pasahero ng kakatwang pansin sa kanilang ayos. Hindi na nila naisaisip ang kahulugan ng pagkakatingin sa kanila ng mga iyon. Nagtataka marahil ang mga iyon. Basang-basa sila. Sila'y sumakay mula sa isang pook na walang bahayan. Marahil ay naitatanong ng mga iyon kung saan sila nanggaling.

Ang pinakadulo ng sabana ay isang bayan. Ang tingin ni Aida'y nabaling sa labas ng bintanilya ng bus. Ang pagtanaw-tanaw niya sa bawa't lampasan ng sasakyan ay sinusundan ng paningin ni Eddie. Subali, hindi rin nila napansin ang kotseng nakaparada sa isang istasyon ng gasolina. Ni hindi nila napunang yaon din ang kotseng humahagibis na nagdaan nang naghihintay na sila ng sasakyan sa sabana.

Mula sa loob ng kotse'y muling natuon kina Eddie at Aida ang mga matang yaon, ang mga matang sumubaybay sa kanila hanggang sa sabana. At ngayon, hanggang sa bayan.

Pagkalipas ng ilang sandaling makaraan ang bus sa gasolinahan ay sumibad ang kotse. Sumunod sa bus. Subali, nanatili la-

yan ay nagkubli sa kanila ng mga matang buong pananalim na nakatuon sa kanilang apat sa pamamagitan ng salaming-panlikuran niyon. Yaon din ang mga matang sumubaybay sa kanila sa gubat-gubatang tinungo nila. Yaon din ang mga matang may paghihimagsik na sumaksi sa pagkakatuwa nila matapos silang magkatagpu-tagpo nang tanghaling yaon.

Pagkaraan ng kotse'y tila iisang napatanaw silang muli sa panggagali-

mang iyong sumusunod, mga sukat-kawayan ang layo.

SINA Ramon at Chit ay sa dakong hulihan ng bus naupo. Hindi paris ni Aida, si Chit ay nakakamalay sa pagtingin-tingin sa kanila ng mga kapwa nila pasahero.

—Kung dinala na ba namin ni Eddie kahit ang kotse ko, e... —nasabi ni Ramon.

—Kung di na ba kayo sumunod, e... —paibang paninisi ni Chit. —Di, hin-

di sana namin sinapit ito. Nakasusuya kayo. Ano ngayon ang mukhang ihaharap ko nito sa amin.

—Natatakot kang umuwi? —naitanong ni Ramon.

Bahagyang pinamulahan ng pisngi si Chit. Manapa'y nasakyan niya ang ibig ipakahulugan ni Ramon sa sinabing yaon. At upang maikubli kay Ramon ang damdaming napabadha sa kanyang mukha'y lumingon siya sa hanay-hanay ng bahayang nararaanan nila.

Dapit-hapon na. Kumakalat na ang dilim ng darating na gabi.

—Natatakot kang umuwi? —sa marahang tinig ay banayad na nawikang muli ni Ramon.

Si Chit ay hindi nagbawi ng tingin sa pagkakatanaw niya sa labas ng bintanilya ng sasakyan. At hindi rin siya umimik.

MAG-IIKAPITO na ng gabi nang sumapit sila sa Maynila.

Pagkababang-pagkababa sa bus ay pasugod na sumakay sina Eddie at Aida sa isang taksing sadyang naghihintay doon ng mga pasahero. Binubuhay na ng tsuper ang makina ng taksi nang maalaala ni Eddie sina Ramon at Chit Sa lalapit naman sina Ramon at Chit.

—Sakay na kayo ka'gad, —ani Aida. Ngayon ay masidhi ang pagkabagabag na inihahayag ng kanyang tinig. —Nakahihiya ang mga ayos natin.

—Sa'n kayo pupunta? —tanong ni Chit sabay sungaw sa loob ng taksi.

Walang naitugon si Aida. Napatingin siya kay Eddie. Ilang saglit ding nagtalik ang kanilang mga paningin. Pagkuwa'y tiningala ni Eddie si Ramon. —Kayo? —nasambit niya.

Ang mga paningin naman nina Ramon at Chit ang nagsalubong.

—Sumakay na kayo, —naipukaw ni Eddie kina Ramon at Chit.

—Ihahatid natin sila? —naitanong ni Ramon. —Matatagalan pa sila. Ihahatid pa natin si Chit. 'Tapos, ihahatid pa natin si Aida. Kung magtitig-isang taksi tayo'y sabay na silang makararating sa kanila.

Ang pag-uusap nina Ramon at Eddie, hindi nila namamalayan, ay lalong gumising sa masidhing pagkatakot na nadarama ni Aida. At nang tingnan ni Eddie si Aida ay pinangingiliran na iyon ng mga butil ng luha.

—Bakit, Aida? —buong pag-aalalang u s i s a ni Eddie.

Tuluyang pumatak ang luha ni Aida.

—Sige, magtig-isa na tayo ng taksi, —baling ni Eddie kay Ramon.

Nang umusad ang kinasasakyan nila'y kumaway ng pamamaalam si Eddie kay Ramon. Mahiwaga ang damdaming ipinahayag ng kanilang mga mata. Si Aida'y napatingin lamang sa kumaway din sa kanyang si Chit. Mapanglaw ang pagkakatitig niya kay Chit. At nang maglaho sa kanyang paningin ang kumakaway pa ring si Chit ay muling naglandas sa kanyang pisngi ang ilang butil na luha.

MALAYO na ang taksi nang mangilid ang luha ni Chit. Sa sarili'y nausal niya: *Kailangang ipagtapat ko na sa kanyang ako ang tumawag kay* Mr. *Buenaflor sa t e l e p o n o noong gabing magkaunawaan sila ni Eddie.*

SI EDDIE ang nagsabi sa tsuper ng kanilang daraanan, ng kalyeng papasukan nila, ng pagliko. At bago namalayan ni Aida, na sa labas na sila ng Maynila.

Nanginginig ang mga palad, mahigpit na napakapit si Aida sa mga bisig ni Eddie. Gumaralgal ang tinig na nausal niya ang: *Eddie?* Punong-puno ng pagtatanong ang nahihintakutan niyang mga mata. Nagpalipat-lipat ang kanyang tingin sa tinutungo ng taksi at sa mukha ni Eddie.

Si Eddie ay ngumiti. Tinapik-tapik si Aida sa balikat, saka kinabig sa kanyang dibdib. Patuloy na lumuha si Aida at inusal-usal ang kanyang pangalan.

SA LIKURAN ng taksi, sa di-kalayuan ay nakasubaybay sa kanila ang isang kotse, ang kotseng dumaan nang naghihintay sila ng bus sa sabana, ang kotse ring hindi nila napunang nakaparada sa gasolinahan.

(ITUTULOY)

—o—

# Kaputol na Tula

**(Mga Lagas Na Dahon Sa Paanan Ng Ating Pangulong Ramon Magsaysay.—JSE)**

**MAARING ang bulaklak ay malagas at malanta**
**at ang dahon ng halama'y mapigtal sa mga sanga...**
**Mangyayaring pati batis ay hindi na makakanta**
**kung wala na ang pag-agos na maharot at masigla...**
**Iyang langit na marilag sa tingin ng ating mata,**
**maaaring dumilim din at pumangit na talaga,**
**datapwa't ang isang buhay na lumusog sa pagsinta,**
**maglaho man, sa gunita'y lalo lamang gumaganda...!**

**KATULAD ng iyong buhay na tumugpa sa Kanluran,**
**asahan mong sa umaga ay ngingiti sa Silangan...**
**Ang buhay mo ay magiging ubod tamis na kundiman**
**na palaging aawitin ng bibig ng iyong Bayan...**
**Palibhasa'y dakila ka, na ang nasa'y kagandahan,**
**Panahon na ang susulat ng buhay mo't kasaysayan...**
**Kung ikaw man ay nasawi't inagaw ng Kamatayan,**
**sa puso at alaala ng lahat ay MABUBUHAY...!**

**NALALAGLAG iyang dahon... nalalagas ang bulaklak,**
**bawa't bagay sa daigdig, may simula't mayrong wakas...**
**Katulad ng isang moog, parang marmol at matigas,**
**tumatanda sa Panahong igupo ma'y di babagsak...**
**Iyang gawang mabubuti't magagandang mga hangad,**
**hindi dahong malalanta't kasamaang lumalagpak...**
**Ganito rin ang buhay mong ngayo'y isang GINTONG AKLAT**
**na hindi na maglalaho sa Puso ng lahat-lahat...!**

**NGUNI'T ikaw, kung sakali't tumugpa sa walang hangga**
**upang di na makabalik na may buhay't kaluluwa...**
**Kung ikaw man ay umalis na ang tanging iyong dala**
**ay ang banal na tungkulin sa Bayan mong sinisinta,**
**hindi upang manatiling mapalayo't mawalay ka**
**sa puso ng iyong Bayan na talos mong nagbabata...**
**Ang malungkot mong pag-alis, para lamang magbabadya,**
**na ikaw ay magtutungo sa daigdig na maganda...!**

**KATULAD ng isang awit... kagaya ng isang DASAL,**
**aawiti't dadasalin ang buhay mo, Oh, MAGSAYSAY...**
**Lumuluha ang Bayan mo't ang lahat ay nagdaramdam,**
**nang wala pa sa panahong kami'y iyong tinalikdan...**
**Ang landas mong tinalaktak ng panahong nakaraan,**
**ay landas din namin ngayong tatahakin at susundan...**
**At, ang ibang gawain mo na hindi mo nagampanan,**
**ay kami na ang tatapos sa Bayan mong Minamahal...!**

**PARANG isang panaginip... may simula'y walang wakas,**
**ang sinapit ng palad mo ay lalaging isang AKLAT...**
**Ito'y hindi matitiklop sa sinomang maghahangad**
**na matunghan ang buhay mong naging ARAL na marilag...**
**Dito na rin matititik, sa titik na kumikislap**
**ang matandang sawikain na talos ng lahat-lahat:**
**IYANG BUTI, IGUPO MAN... ASAHAN MO'T DI BABAGSAK...**
**AT ANG SAMA, ITINDIG MAN... ASAHAN MO'T DI TATAAS...!**

**KAIPALA'Y inibig na ng Dakila nating Diyos**
**na, kunin ka sa Bayan mong unti-unting gumugusot...**
**Hindi upang agawin ka sa dibdib na maalindog**
**ng kab'yak ng iyong dibdib na ang puso'y lasug-lasog...**
**Talos Niyang hapo ka na't parang punong dumurupok**
**sa HAGUPIT ng maraming kalaban mong mapupusok...**
**Kung sa kamay lamang nila, masasawi't malalagot,**
**inibig na Niyang IKAW... MAGBALIK NA SA ALABOK...!**

**JESUS S. ESGUERRA**

# Takda

*(Buhat sa pah. 13)*

riktan at kapintasan ng kanyang buhay, ay mga paksang mataimtim na pinakikinggan ni Ling sa kanilang pag-uusap. Maging ang ilang mumunting suliranin niya'y naisasangguni niya kay Ling.

At naging gayon din sa kanya si Ling. Tila ba may kasiyahang nadarama ang isa't isa sa gayong paraan. Tila yao'y nakadaragdag sa kaligayahang hatid ng muli't muling pagbibigay-buhay sa kahapong iniingatan ng bawa't isa.

Sa mga adhikain, sa mga iniisip, sa kinahihiligang mga bagay, at maging sa paraan ng pagtingin sa buhay ay magkaisa sila ni Ling. At naiisip ni Alan na iyon marahil ang dahilan kung bakit ganap ang pagkakahulihan ng kanilang loob.

Kung minsan, sa kanilang pag-uusap ay hindi nila namamalayang may mga pagkakataong nadadako sila sa mga paksang may kinalaman sa pag-ibig.

—Hindi na nga ako iibig. —May ilang ulit nang nabanggit iyon ni Ling at muling nabanggit nito sa isang pag-uusap nila. —At idinadalangin kong sana'y huwag na akong panghimasukan ng kapalaran sa panata kong iyan. —At marahang nagtawa si Ling.

Napasunod ng tawa si Alan, nguni't pagkuwa'y natangay siya ng malalim na pag-iisip.

—Tayo... at kaipala'y

(*Sundan sa pah.* 17)



Si Mariano Ponce ay isa sa mga nakatulong ni Marcelo H. del Pilar sa pahayagang "La Solidaridad." Ang larawan sa kaliwa ay kuha sa Barcelona noong 1890. Dito ay nakasama niya sina Dr. Jose Rizal at Marcelo H. del Pilar.

Nasa larawan sina Mariano Ponce at Sun Yat Sen. Si Sun Yat Sen ay isa sa mga kinikilalang bayani ng bansang Tsina. Ang dalawa ay nagkakilala sa Shanghai, nang si Ponce ay dumalaw roon.



# DAKILANG ISKOLAR AT PROPAGANDISTA

*ni Arturo Ma. Misa*

ANG bansang Espanya ay masasabing siyang naging tuntungang bato ng ating mga kabataan upang maipakilala ang pagmamahal sa kalayaan at sa mga karapatang sinisikil ng mga dayuhan.

Isa sa mga kabataang iyan ay si Mariano Ponce, na sa kabila ng pagiging manggagamot ay tinalikdan ang propesyon at ang hinarap ay ang kilusan ng mga propagandista, upang sa kislap ng kanyang diwa ay maipahayag ang damdamin ng kanyang mga kababayan at ang kahirapang dinaranas ng mga ito.

Si Mariano Ponce ay isinilang sa Baliwag, Bulakan, noong ika-23 ng Marso, 1863, panahong ang ating bayan ay gapos ng kaalipnan.

Nang maging ganap na ang isip ni Ponce ay napunla sa kanyang katauhan ang damdaming makabayan. Ang malungkot na kalagayang nakikita sa kanyang paligid ay siyang nagbunsod sa kanya upang humingi ng karunungan sa mga taong sa ati'y nakasasakop.

Nang magtapos si Mariano Ponce sa mataas na paaralan ng kanilang bayan ay iniluwas siya sa Maynila ng kanyang mga magulang upang sa kolehiyo ng San Juan de Letran maipagpatuloy ang pagtuklas ng karunungan. Noong 1885 ay matagumpay niyang natamo ang titulo ng *"Bachelor of Arts"*.

Nang sumunod na taon ay lumipat ng paaralan si Ponce at siya ay nagpatala sa kolehiyo ng medisina sa Unibersidad ng Santo Tomas. Hindi siya nagtagal sa pamantasang yaon at siya ay naglakbay-dagat.

Sa siyudad ng Madrid ipinagpatuloy ni Ponce ang kanyang pag-aaral. Samantalang nag-aaral siya noon ng medisina ay nakabalitaan niyang sa siyudad ng Barcelona ay may ilan siyang mga kababayang gumagawa ng lihim na kilusan sa ikalalaya ng ating bayan.

Pagkaraan ng ilang panahon ay nagtungo si Ponce sa Barcelona upang makiisang-damdamin sa kanyang mga kababayan. Doon ay nakatagpo niya sina Marcelo H. del Pilar at Graciano Lopez-Jaena na kapuwa abala sa pagtataguyod ng pahayagang "España en Filipinas". Ang pahayagang ito ay siyang naging tinig ng mga propagandistang Pilipino upang maipahayag nang buong laya ang nagpupuyos nilang damdamin laban sa mga Kastilang nakasasakop sa ating bayan.

Ang pahayagang "España en Filipinas" ay hindi lubhang nagtagal dahil sa kinapos ng salapi ang mga propagandistang nagtataguyod. Sinikap nina Ponce na makapagtatag uli ng isa pang pahayagan sapagka't nababatid nilang sa pamamagitan lamang ng isang malayang pahayagan maisisigaw nila sa matataas na pinuno ng pamahalaan ang kanilang mga hinakdal.

Hindi nasiphayo ang mga pagsusumikap na yaon at sa tulong ni Lopez-Jaena ay naitatag ang pahayagang "La Solidaridad." Naipasiya nina Ponce na si Rizal ang gawing patnugot, datapwa't nang mga panahong yaon ay na sa Londres si Rizal at abala sa pamamahala ng "Sucesos de las Islas Filipinas" ni Morga. Kaya't sa halip na si Rizal ay si Lopez-Jaena ang ginawa nilang patnugot at si Mariano Ponce naman ang

naging tagapamahalang-patnugot.

Bilang isang tagapamahalang-patnugot ay katungkulan ni Ponce ang magsusulat ng mga artikulo. Sa kanyang pagsusulat ay ginamit niyang pangalan bilang sagisag ang mga sumusunod: *Naning, Kalipulado* at *Tikbalang*.

Upang lalong maging mabisa ang kanilang mga panunuligsa ay naimungkahi ni Ponce na ilipat ang tanggapan ng kanilang pasulatan sa siyudad ng Madrid, sapagka't naroon ang karamihan sa matataas na pinuno ng pamahalaan at mga kilalang mamamayan ng bansa.

Noong Oktubre, 1889 ay lumipat nga sila sa Madrid. Sa pagkakataong ito ay si Marcelo H. del Pilar ang naging patnugot at ang kapangyarihan sa pamamahala ay buong ipinagkatiwala kay Mariano Ponce.

Ang pahayagang "La Solidaridad" ay ipinamudmod nang walang bayad sa mga kagawad ng Kortes, mga senador, ministro at sa mga kilalang pulitiko ng siyudad. Sa pagkakataong yaon ay lalong naging "mainit" si Naning sa kanyang mga artikulo. Kaya ang mga sinulat niya ay sinagot ng pahayagang "La Politica de España en Filipinas" na pinamamatnugutan nina Ferced at Retana.

Naging tinig din ang "La Solidaridad" ng isang kapisanan ng mga Pilipino na kinabibilangan nina Miguel Moriata, Manuel de Labra, Eduardo de Lete, Julio Llorente, Evaristo Aguirre, Jose Gonzales Esquivel, Ceferino de Leon at Balbino de Unquera. Ang kalihim ng kapisanang ito ay walang iba kundi si Mariano Ponce.

Habang nagtatagal ay unti-unti namang nawawalan ng pag-asa ang nagsisipagtaguyod sa pahayagang "La Solidaridad". Nakikini-kinita nila na sa kabila ng kanilang mga pagsusumikap ay tila wala ring mangyayari. Kaya ang iba ay nagsitigil na ng pagsusulat at ang ilan naman ay hindi na rin nagbigay ng salaping panustos. Nang dakong huli ay si Marcelo H. del Pilar at Mariano Ponce na lamang ang siyang nagsipagtiyaga. Ginampanan ni Ponce ang gawain ng isang tagapamahalang-patnugot, diyanitor at mensahero pa.

Dahil sa pangyayaring yaon ay naipasiya ni del Pilar na tuluyan nang itigil ang paglalathala ng pahayagan at umuwi na sila sa kanilang bayan upang maibunsod ang isang ganap na paghihimagsik laban sa pamahalaan, na siyang nalalabing lunas upang makamtan nila ang kalayaang pinakaaasam.

Mabigat man ang loob ay sumunod na rin si Ponce sa kagustuhan ng kanyang kaibigan. Mula sa Madrid ay muling nagbalik ang dalawa sa siyudad ng Barcelona upang mula roon ay sumakay ng bapor na pabalik sa sariling bayan. Nguni't nang dumating sila sa Barcelona ay nagkasakit si del Pilar na siyang naging sanhi ng kamatayan nito.

Nang mailibing si del Pilar ay talagang uuwi na si Ponce sa Pilipinas, nguni't nabalam ang pagbabalik niya sa sariling bayan bunga nang pagsiklab ng himagsikan. Siya ay isa sa mga napaghinalaang may kinalaman sa himagsikang yaon, kaya't ikinulong siya sa piitan sa Barcelona sa loob ng walumpu't walong oras. Siniyasat ng mga maykapangyarihan ang kanyang mga papeles, at nang walang matagpuang katibayan laban kay Ponce ay saka pa lamang pinalaya at pinahintulutang makapaglakbay.

Mula sa bansang Espanya ay nagtuloy si Mariano Ponce sa Hongkong. Nang siya ay dumating doon ay itinatatag ang isang kapisanang mangingilak ng salapi at mga sandata na maipadadala sa mga manghihimagsik na Pilipino. Si Ponce ay hindi nagpabaya at agad sumapi sa kilusang yaon. Nguni't ang kapisanang yaon ay hindi rin nagtagal.

Nang dumating sa Hongkong ang pangkat ni Heneral Emilio Aguinaldo ay agad hinirang ng heneral si Ponce upang siya niyang maging kalihim. Si Ponce ay apat na buwang naging kalihim ni Aguinaldo hanggang noong Mayo, 1898, nang ang pangkat ay muling magbalik sa sariling bayan.

Matapos maitatag ang pamahalaan ni Aguinaldo sa Malulos ay nagpahatid agad ng liham ang heneral kay Ponce sa Hongkong. Nasasaad sa liham na ginagawa niyang isang delegado-diplomatiko ang naging kalihim. Ang mataas na karangalang ipinagkatiwala ni Aguinaldo kay Ponce ay malugod na tinanggap nitong huli.

Nang buwan ng Hulyo, 1898 ay nagtungo si Ponce sa Hapon sa utos ni Aguinaldo upang makipag-unawaan sa matataas na pinuno ng pamahalaang hapones at tuloy humingi ng tulong sa kapakanan ng kanyang bayan. Ang naging lakad na iyon ay hindi nagkabisa sapagka't ang Pilipinas ay isinailalim ng Espanya sa bansang Amerika bilang pag-alinsunod sa kasunduang "Treaty of Paris".

Mula sa Hongkong ay naglakbay si Mariano Ponce sa Shanghai, Kanton, Indo-Tsina, Kambodya at Siam. Sa mga bayang kanyang narating ay lubhang naging makasaysayan ang pagkakadalaw niya sa Shanghai, sapagka't doon niya nakilala ang isang dakilang mamamayan ng bansang Tsina, si Sun Yat Sen. Isinalaysay ni Dr. Sun Yat Sen ang kanyang mga pakikipagsapalaran sa pakikipaglaban sa maraming bansa. Ang mga pakikipagsapalarang yaon ay sinulat naman ni Mariano Ponce at ginawang aklat.

Nang maitatag ang pamahalaang sibil ng Amerika sa Pilipinas ay doon pa lamang nagbalik si Mariano Ponce sa sariling bayan, makalipas ang dalawampung taong pagkakawalay sa bayang sinilangan.

Bilang pagkilala sa mga nagawa ni Ponce sa kabilang ibayo ng dagat alang-alang sa kapakanan ng kanyang bayan ay ginawa siyang patnugot ng pahayagang "El Renacimiento" noong 1909. Pagkatapos ay saka siya bumalik sa pulitika, at buong-tiwalang inihalal siya ng kanyang mga kalalawigan upang maging kinatawan ng lalawigang Bulakan.

Bilang isang kinatawan ay muli niyang ipinaglaban ang karapatan ng kanyang mga kalalawigan sa mababang kapulungan. Sa kanyang panunungkulan ay maraming pagbabago ang naganap sa kanilang lalawigan, mga pagbabagong ngayon ay lubos na pinakikinabangan ng mga taga-Bulakan.

Pagkatapos ng kanyang panunungkulan bilang kinatawan ay saka naman siya hinirang ng noon ay Espiker Sergio Osmeña upang maging *Chairman of the Committee on Libraries*. Nang matapos ang panahon ng kanyang panunungkulan ay saka pa lamang ganap siyang namahinga at ang hinarap ay ang pagsusulat ng mga aklat tungkol sa kasaysayan ng ating bayan at ng mga dakilang bayani. Isa sa pinakamahusay na nasulat niyang kasaysayan ay ang buhay ng magkapatid na Luna, *Count of Yamagata* at ang kasaysayan ni *Fernando de Lesseps* na pawang mga kilala sa kasaysayan ng kanikanilang bansa.

Hanggang sa oras ng kanyang kamatayan, si Mariano Ponce ay walang nasasambit-sambit kundi ang kalayaan ng kanyang bayan. Isa siya sa mga nagsumakit upang makamtan ang kalayaang ngayong ating tinatamasa.




### *sa pag-iisa ko*

*mga gunitaing nakaliligalig*
*ang natutunghan kong basahin sa isip;*
*dusa't dalamhati'y di-ikatahimik,*
*ngayon, niring aking abang napagsapit.*

*nariyang sa aking palad ay magbangon*
*ang mga araw kong sinayang kahapon;*
*(di-naalaalang ang matuping dahon*
*sa aklat ng buhay ay wala nang habol.)*

*yaring dilidili'y naroong gisingin*
*ng pagkaligaw ko sa "suyuang-lihim";*
*nabuhos kung bakit dini ang paggiliw,*
*ang kataling-puso'y hanggang sa limutin.*

*nalabing pag-asa'y ipinakisuno*
*sa madlang wala nang luhang itutulo—*
*hindi nalalamang ang pakikihalong*
*ginawi'y patungo sa pagkasiphayo.*

*naging pangitaing masaklap na bunga*
*ang mga gunitang nakababalisa;*
*(parang guniguning saan ma'y kasama,*
*pinapag-ulap ang aking umaga.)*

## Takda

*(Buhat sa pah. 15)*

ang ilan pang katulad nati'y nakapagpapanata ng ganyan, —madalang at tila nililiwanag na sabi ni Alan. —Nguni't kung minsa'y nakatatagpo ako ng katanungan sa ganyang pagpapanata.

Natatalinghagaang napatingin si Ling kay Alan.

—Hindi kaya ang panata'y nagkakapuwang lamang sapagka't ang isang may panata'y hindi pa lamang nakatatagpo ng kasukat, at kung nakatatagpo ma'y pilit lamang na nagbubulag-bulagan? At hindi kaya isang pagkakait sa sarili ang ipailalim sa isang panata ang kanyang kapalaran? Sino ang makapagsasabi kung ano ang darating...

Matagal na naghari sa kanila ang katahimikan bago nakapagsalita si Ling.

—Huwag mong ipagdamdam. —At muling nagtawa si Ling. —Hindi kaya ang pagtatanong mong iyan ay nagpapahiwatig na nag-aalinlangan ka sa iyong panata? Ang pinaniniwalaan ko'y dalawang uri mayroon ang panata... isang matibay, isang marupok.

—Ang sinabi ko'y bunga lamang ng aking masusing paglilimi.

Hindi pinansin ni Ling ang kanyang sinabi. —Tila may ibig sumira sa iyong panata. —Nagbibiro ang tinig ni Ling.

—Hindi iyan ang dahilan, —At umiling si Alan.

—Ang karupukan ng tao'y na sa kung iba ang gusto niyang mangyari kaysa itatakda ng kapalaran sa hinaharap. At maaaring kaya lamang nakapagpapanata ang tao'y sapagka't hindi pa lamang pinanghihimasukan ng kapalaran.

—Malalim na pilosopiya iyan. At diyan ako mahina. Mabuti pa'y ibahin natin ang salitaan.

HINDI naiwasan ni Alan ang muli't muling pagbabalik ng mga katanungang iyon habang tumitibay ang buklod ng magandang pagtitinginan nila ni Ling, hanggang sa iyon ay katagpuan niya ng suliranin. Ang kanilang pagkakalapit, ang tumitingkad na tinginan nila, ay apoy na unti-unting dumarang sa kanyang puso hanggang sa tuluyan niyang amining ang laging paglalaro sa kanyang gunita ng larawan ni Ling at ang ma-

(*Sundan sa pah.* 20)




**PINAGTAKHAN NI MARIO ANG MALIMIT NA PAG-ALIS NG BAHAY NG AMA. AT MAY NABUO SIYANG HINALA, NANG...**

(Ika-10 Labas)

PAGKARAAN ng ilan pang araw, dumating ang pasabi ng tininti na maaari nang makauwi sa kani-kanilang tahanan ang mga taong nagsilikas sa tabing ilog. Ilan sa mga taganayon ang nagsiuwi, nguni't marami pa ring nangaiwan sa tabing ilog. Natatakot silang magbalik agad sa kani-kanilang bahay. Ayaw nilang makakita ng mukha ng kaaway. Kabilang sa mga ayaw pang magsiuwi ang barkada nina Mang Karyas. At ang tininti na mismo ang nagsadya sa pook na nilikasan ng kanyang mga kanayon.



—Mababait pala naman ang mga Hapon, —pagbabalita ng tininti kina Mang Karyas. —Kalokohan lamang iyong balitang naririnig natin na nanggagahasa raw sila ng babae. Hindi totoo 'yon!

—E, bakit si Tandang Andres... binaril nila? —hindi nakapagpigil na tanong ni Mang Karyas.

—E, pa'no naman. Tumakbo ang matanda. Akala ng mga Hapon e kalaban. Kaya binaril.

Nag-aalinlangan pa rin si Mang Karyas.

—Saka, mabuti na 'yong magsibalik kayo sa nayon, —wika pa ng tininti. —Okupado na ng mga Hapon ang munisipyo sa bayan. Nagalit sila nang makitang maraming tahanan ang nakapinid. Bakit daw natatakot sa kanila. Hindi raw naman sila masasamang tao. Kaya magsiuwi na kayo. Baka magalit pa ang mga iyon ay kung ano tuloy ang gawin sa atin.

Nang araw na iyon ay kasama na nga sina Mang Karyas ng karamihang nagsibalik sa nayon.

Kararating lamang nila sa dampa ni Tandang Andres sa gulod nang sumpungin uli si Aling Sinay ng matinding sakit ng tiyan. Higit ang katindihan niyon kaysa mga nauna nang sumpong, at namimilipit na mabuti si Aling Sinay.

—Marahil... ito na nga ang huling sandali ko, —isang araw ay nawika ni Aling Sinay sa mga kaharap. —Noon pang tayo'y umalis sa Maynila, paulit-ulit kong idinadalangin na loobin man lamang sana ng Diyos na makaagdon ako... sa ating paroroonan. Nakaagdon nga ako. At ang lahat ay dahil sa aking anak... kay Linda... Ibig kong bago ako mamatay ay makita kong narito na siya... kayo... sa ating maging bagong tahanan. Kung saka-sakali... sa inyo ko lamang mailwan ang aking anak. — At tiningnan ni Aling Sinay ang mag-asawang Mang Karyas at Aling Inggay.— Huwag sana ninyo siyang pababayaan. Ituring ninyong para siyang tunay na anak. Mabait siya. Natitiyak kong hindi niya pasasakitin ang inyong ulo.

At parang naging pahimakas lamang ang sinabing yaon ni Aling Sinay. Hindi naglipat-linggo at namatay siya. Mula naman noon ay inampon na nina Mang Karyas si Linda. Itinuring nila itong parang tunay na anak.

PAGKARAAN ng ilang araw, malalakas na dagundong ang naririnig sa hilagang-kanluran. At naging usapan sa nayong kinaroroonan nina Mang Karyas ang nagaganap na labanan sa Bataan.

—Malapit na raw 'atang bumagsak ang Bataan. —malimit marinig na sabi ng ilan.

—Mahina palang klase ang mga Markano. Bakit sila lumitret? Wala na. Nasa kamay na ng mga Hapon ang Palapinas...

—Pero bakit naman sinabi raw ni Makaltur... ay syal liturn? E, di magbabalik nga siguro ang mga Markano.

—Ewan ko nga ba, —nawawalan ng pag-asang wika ng isa. —Idalangin na lamang nating makabalik nga sila.

At ang tininti sa nayon ang malimit humadlang sa gayong mga usapang malimit na marinig sa mga barberya at umpukan.

—Huwag ganyan, mga kababayan, —sasabihin ng tininti, at maiiling ito. —Huwag na nating idalangin ang makabalik pa ang mga Amerikano para alipinin na naman tayo. Naririto na ang mga Hapon. May kulay din ang kanilang balat na paris ng atin. Taga-Silangan din sila, katulad natin. Palalayain tayo ng mga Hapon. Makita ninyo. Kaya lamang sila naparito ay upang palayasin ang mga Puting umaalipin sa atin.

Nang malaon, wala nang usapang naririnig sa mga umpukan ukol sa pagbabalik ng mga Amerikano. Natutong mangilag ang mga tao nang isang araw ay walang abug-abog na hulihin ng mga Hapones ang isa nilang kanayong kinaringgan ng pangungusap na kumakatig sa Amerika. Hindi batid ng mga taganayon kung sino ang nagsuplong, nguni't hindi nila maiwasang maghinala sa kanilang tininti sapagka't iyon lamang ang taong kinaringgan nila ng mga pangungusap na kumakatig sa mga Hapones. Saka batid nilang dating kasapi sa lapiang Sakdalista ang kanilang tininti. At diumano'y maka-Hapon ang mga Sakdalista.

Ilan pang araw ay nabalitaan namang bumagsak na ang Bataan sa kamay ng mga Hapones. Nilagdaan ang kasunduan sa pagsuko, at ang buong Pilipinas ay napasakamay ng mga kaaway.

SI MANG Karyas na ang nag-aasikaso sa tumanang naiwan ni Tandang Andres. Natuto siyang gumawa sa lupa. Nang sanay na siyang humawak ng ugit ng araro ay si Mario naman ang kanyang tinuruang magbungkal ng lupa. Magkakatulong ang mag-anak sa paggawa sa tumana. Natuto silang magtanim ng kamote, palay, mais at iba-iba pang mga pananim. Katulong din nila si Linda sa lahat ng gawaing iyon.

Minsan ay nagkaroon si Mang Karyas ng mga panauhing hindi kilala ni Aling Inggay. Lumimit ang pagdalaw ng mga iyon kay Mang Karyas, at lagi namang lihim ang kanilang pinag-uusapan. Nang malaon ay nag-aalis na ng bahay si Mang Karyas. Wala nang maraming gawain noon sa tumana sapagka't nakapagtaniman na, at kung umalis si Mang Karyas ay kadalasang kung ilang araw na di nakauuwi.

—Saan ba nagpupunta ang Itay? —hindi napigilang usisa ni Mario sa ina. —Bakit lagi siyang umaalis ng bahay at matagal bago umuwi?

—Huwag ka ngang magtatanong, —sagot naman ni Aling Inggay. —Hindi

mo naiintindihan ang ginagawa ng ama mo. May nilalakad lamang iyon.

Hindi maiwasan ni Mario ang magtaka. At isang araw ay hindi siya nakatiis. Inusisa niya ang ama. Nabigla pa siya nang sagutin siya nito nang pabulyaw.

—Huwag ka nang mag-uusisa sa akin uli-uli, — wika ni Mang Karyas, at nahalata ni Mario na mainit ang ulo ng kanyang ama.

Hindi na siya kumibo pa. Nakita niyang naupo sa tabing bintana ang kanyang ama, at tila nag-iisip na nanungaw. Naupo rin si Mario sa bangko, malayo sa kanyang ama. Nang balingan niya ito ng tingin ay nakita niyang nakatingin sa kanya. Wala na ang pangungunot ng noo ng kanyang ama.

Malumanay ang tinig ni Mang Karyas nang ito'y magsalita. —Huwag mong papansinin ang pagkabugnutin ko ngayon, Mario. Talagang gayon lamang ako. Kung minsan ay mainit ang ulo. Hindi mo ako mauunawaan kung sabihin ko man sa iyo ang dahilan. Bata ka pa...

—Hindi na ako bata, Itay... —May pagtutol sa tinig ni Mario.

Matagal na hindi kumibo sa Mang Karyas.

—Natatandaan mo nang mapatay ng mga Hapon ang Ingkong Andres...

Alangang tanong ang sinabing iyon ni Mang Karyas, at ang tugon ni Mario: —Oho, natatandaan ko.

—Nakahahabag ang Ingkong Andres mo... Napatay na ng mga kaaway ang kanyang anak... pati siya'y ... —Nakita ni Mario na tumigas ang mukha ng kanyang ama. —Hindi lamang ang Ingkong Andres mo... Marami pang iba. Marami pang ibang walang kasalanang pinatay ng mga Hapones... Pero... huwag mo nang intindihin ang sinabi ko. Mabuti kung maunawaan mo ako.

—Nauunawan ko kayo, Itay. Galit kayo sa mga Hapon. Maski ako, galit din ako sa kanila.

—Pero hindi galit lamang ang ibig kong ipaunawa sa iyo. Hindi sapat ang galit. Walang kalangkap na kadakilaan ang basta galit. Higit na... —At muling napatigil sa pagsasalita si Mang Karyas. —A, limutin mo ang sinabi ko. Hayaan mo na.


Tumindig si Mang Karyas.

—Basta kung ako'y wala ng bahay at may magtatanong sa iyo... sa in-

(Sundan sa pah. 27)

# ito ang istorya...

ni YOYONG FLORENCIO



*SABAGAY, lumang tugtugin na ito. Marami na kayong nabasang ganitong istorya. At baka hindi miminsan lamang na narinig na ninyo ang ganitong mga buhay-buhay. Pero ikukuwento rin natin, para sa mga anak ninyong bago pa lamang natututong bumasa at sa mga anak din ninyong 'ika nga'y nagsisimulang mamukadkad kung baga sa bulaklak. Sa salitang* shortcut, *ito'y isang aral na dapat ulit-ulitin sa ating mga anak. Mahirap na, baka mangyari sa kanila ang nangyari kay Pacing...*

## Nabitin Sa Alanganin

Gaya ng ibang magagandang dalaga, maraming tagahanga si Pacing. Natural, marami siyang mangingibig. Nariyan si Andong, ang anak ni Kapitang Tano; si Takyo na nagsisimba raw tuwing matapos makausap si Pacing; si Masong na kung lumigaw ay *ligaw Tiago, tanaw palupo;* si Baste na napagkamalang alila nina Pacing ng isang nanliligaw ditong taga-Maynila dahil sa malabis na panunuyo; si Landro, ang guwapo, nguni't sugarol; Ang guwapong si Tonio nguni't mahangin.

Pupuwede nang pagsama-samahin ang mga nanliligaw, nagkakagusto at magkakagusto pa kay Pacing upang makabuo ng isang batalyong sundalo. Nguni't walang (umano) naiibigan si Pacing sa kanila. May pagtingin (daw) sana si Pacing sa lumiligaw sa kanyang taga-Maynila nguni't nang malaman niyang tindera lamang ng repolyo sa Dibisorya ay bigla raw dinispatsa.

—Baka sa pera tumitingin? —sabihan tuloy ng mga nakaalam.

—Hindi naman seguro, laki rin naman sa hirap ang Pacing na 'yan, e.

—'Yon nga e, anong malay mo kung nagsasawa na sa buhay-mahirap.

At napatunayan ang gayong hinala ng magkakabaryo nang biglang may maglilitaw na de-kotse kina Pacing. Nanliligaw daw iyon kay Pacing.

Sa palagay ng lahat, mayaman ang lalaking iyon. Hindi iisang klaseng kotse ang dinadala sa pagpanhik kay Pacing. Lagi pang may pasalubong sa mga kapatid ni Pacing.

—Tiyak na iyan ang mapapangasawa ni Pacing, —ang sabihan na naman ng mga kapitbahay nina Pacing.

—Ngayon lang ako nakakita ng taong gan'yan, laging iba ang kotse.

—Pambihira nga 'yan, ang Presidente 'ata, iisa lang ang kotse, e.

ISANG araw ng Linggo ay nagkaroon ng piknik ang samahan ng kabataan ng nayon. Kasama si Pacing at ang de-kotseng nanliligaw sa kanya. Kasama rin kami. At sa kabutihang palad, nakapangkat namin sina Pacing. Nagkaroon kami ng pagkakataong makilala o mapigurahan 'ika nga, nang husto ang manliligaw niyang mayaman (daw).

Sa piknik ay maraming dalang pagkain ang kasama ni Pacing gayong may abuluyan naman kaming ibibili ng mga pagkaing doon na lulutuin.

Kaiba sa mga nangingibang lugar, ang manliligaw ni Pacing ay hindi palakibo at tila nagmamalaking hindi matanto. Kung pakiramdaman namin ay *maliit* ang tingin sa amin. Lalo naming naisip na marahil ay mayaman nga. Isa pa'y malimit dukutin ng kanyang manliligaw ang pitaka nito. Kunwari'y may hinahanap na kung ano; pero halata naming ipinakikita lang ang *makapal* na laman niyon.

Sa umpukan namin ay may pagkakataong lumalayo ang manliligaw ni Pacing. Iba-iba ang dahilan. Kung minsan ay titingnan daw niya kung nabibilad ang kotse na ipinarada sa makatawid ng ilog.

At kapag gayong umaalis ang kanyang manliligaw ay sinasamantala ni Pacing ang pagkukuwento. Laging ang manliligaw niya ang bida sa kanyang mga istorya. Mayaman nga raw kaya gayong tila mapagmalaki. (Nagugustuhan pa ni Pacing na masabing mapagmalaki ang nanliligaw sa kanya, 'kala n'yo.) Apat daw ang kotse. May ari raw ng mga bus na bumibiyahe sa Borneo. May pabrika raw ng eskoba. At nagbabalak pa raw ang mga magulang ng lumiligaw sa kanya na magtayo ng estudyo ng pelikula. (Karamihan sa mga sinasabi ni Pacing ay hindi namin naiintindihan kaya tango na lang kami nang tango.)

—Ano naman, ang *kulay ng bandera* n'ya sa labanang iyan? —naitanong ni Turing, isa sa mga kabarkada namin.

Nahalata naming pinamulahan ng pisngi si Pacing. Alam na niya kung ano ang ibig sabihin ni Turing. Kung ano ang kalagayan ng nanliligaw sa kanya. Kung may pag-asa o wala.

Pagka't nahalata niyang hindi makasagot si Pacing, binago ni Turing ang kanyang tanong: —Ano nga pala'ng kanyang pangalan?

Hindi rin sumagot si Pacing. Nguni't mula sa kanyang palasingsingan ay kinuha ang suot na singsing at ipinasilip sa amin ang nakatitik sa loob niyon. Nag-unahan kami sa pagbasa sa nakasulat doon: *Teodoro.*

—'Yan ba ang pangalan niya? —tanong ni Merto.

Nakangiting tumango si Pacing.

—Kung gayo'y kanya ang singsing na 'yan?

Tumango uli si Pacing.

—Bakit na sa 'yo? —nabigla uling tanong ni Turing.

Wala na namang naisagot si Pacing. Hininhintay sana naming sabihin niya kung bakit nguni't siyang pagdating ni Teodoro.

NANG matapos ang piknik na yaon ay laging si Pacing at si Teodoro ang naging paksa ng aming mga paghuhuntahan. At laging ito ang lumilinaw sa aming pagsasagut-sagutan: kasintahan na ni Pacing si Teodoro. Katunayan: ang singsing. Bakit ibibigay ni Teodoro ang singsing na yaon kay Pacing kung wala pa silang kasunduan?

At ilang araw pa nga'y nagkabistuhan na. Magkasintahan nga sina Pacing at Teodoro. Tuwing makakausap namin si Pacing ay panay si Teodoro ang bida. Isang kotse raw ang ireregalo kay Pacing ng kanyang mga bibiyenanin. Ipagagawa raw sila ng isang *bungalow* sa Maynila. Bibig-

(Sundan sa pah. 27)

## Pakikipanayam

(*Buhat sa pah.* 12)

ay malamang na mananatili ang nalilikha nilang mga kaguluhan?

S. *Nauunawaan ko ang ibig mong sabihin. Nguni't huwag mong bibigyang-sala ang batas. Katunayan, nagkaroon na ng tinatawag na* curfew *sa ilang lugar. Sa pamamagitan nito'y namamanmanan ang kabataang naglalakad paglalim ng gabi.*

T. Saan po ba nagsisimula ang pagkaligaw ng landas ng ibang kabataan?

S. *Masasabi kong maaaring dahil sa kinamumulatang tahanan, sa pinaninirahang paligid, sa pinakikisamahang kaibigan, o kaya'y sa sa mga napapanood sa sine.*

T. Paano po makapagbubuyo ang sine?

S. *Halimbawa'y sa pelikula ni* Jems Din. *Sa nakaaakit niyang mga kilos ay nagagaya ang maraming kabataan. At dahil sa ang kilos niya ay parang* siga-siga *nagsisiga-siga na rin ang ating kabataan.*

T. Kaya po sila nambubugbog, nanggugulo, naglalasing, nanghoholdap, at nagsusugal?

S. *Tumpak!*

T. Bakit po kayo'y hindi inano nang makita sa restawran? Karaniwan po'y nakakatuwaan nilang "rombohin" ang gaya ninyong natatagpuan sa mga pinapasok nilang teritoryo?

S. *Sayang ang pagiging sikologo ko, kung magkakagayon. Sa mga suliraning naisangguni sa akin tungkol sa kabataan ay natuklasan ko ang lunas para hindi sila manggulo—ang pahalagahan sila.*

T. Sa paano pong paraan?

S. *Ang makisama sa kanila... pakikisamang nakapagbibigay-halaga sa kanilang mga kilos at gawi.*

T. Maaari po kayang mabagong ganap ang mga kabataan upang sila'y maging "pag-asa ng bayan?"

S. *Iyan ang aking inaasahan. At madadali ang pagtutuwid sa maling gawi ng ilang kabataan kung tutulong sa paghubog sa kanila ang mga magulang, mga guro, mga alagad ng sining, mga maykapangyarihan, at...*

T. At mga sikologong tulad ninyo?

S. *Alam mo'y mapagpakumbaba ako. Nguni't sasabihin kong makatutulong din kaming mga sikologo.*

T. Maipapayo po ba ninyong magsikologo ako para makatulong din?

S. *Mag-aral ka muna't magpakabuti, bata!*

## Sining...

(*Buhat sa pah.* 10)

malangis na bahagi. Ukol sa natutuyong bahagi, gumamit ng krema o lusyon na nakapagpapalambot ng kutis.

*Magaspang na kilabot ng balat:* Ipagsanggalang ang inyong kutis laban sa labis na lamig ng panahon, labis na lakas ng hangin o labis na pagkabilad sa araw. Sa mga ganitong pagkakataon ay dapat na gumamit ng krema bilang pundasyon. Gumamit ding palagian ng pampalamig sa balat, maliban kung ang kutis ay nanunuyo.

*Maiitim na mantsa (blackheads)*: Ito ay palatandaan ng kutis na nagkukulang sa maayos na takbo ng dugo. Upang mapawi ang "blackheads", gumamit ng mga panlunas na sadyang inihanda para rito mula sa mga botika o tindahan ng kosmetiko.

—ooo—

# S. L. N.

*(Alaala sa yumaong mahal na Pangulong Magsaysay)*

**Wala na ang Tinig**
**Ng isang layuning dakila't mataos,**
**Wala na't naparam**
**Ang tanging nalabi'y larawang kaylungkot...**

**Wala na ang Ningning**
**Sa langit-langitan ng aming pangarap,**
**Ganap na inagaw**
**Sa aming pananaw ng kimpal ng ulap...**

**Wala na ang Awit**
**Ng banal na layong kinasasabikan,**
**Wala na't naputol**
**Di na maririnig ng pusong may lumbay...**

**Wala na ang Ngiti**
**Na lunas sa hirap at pangungulila,**
**Naparam na usok**
**Na di na babati sa dapit-umaga...**

**Wala na ang Diwa**
**Na nagbigay-buhay sa aming panulat,**
**Siglang naunsyami**
**At tanging naiwa'y dusa at bagabag...**

**Wala na ang Init**
**Ng mga palad mo na lubhang masuyo,**
**Ang tanging naiwan**
**Ay luksang damdamin at gahak na puso...**

**Wala na ang Ganda**
**Ng isang tanawing naiwan sa amin,**
**Luksang dapit-hapon**
**Ang siyang natitik sa aming damdamin...**

**Wala na ang Tinig**
**Ng isang layuning kinasasabikan,**
**Wala na ang Ningning**
**Na sa aming landas ay nagsilbing tanglaw,**
**Wala na ang Awit**
**Na tanging pang-aliw sa dusa at lumbay,**
**Wala na ang Ngiting**
**Sa hirap at pagod ay nagpapatighaw,**
**Wala na ang Diwang**
**Sa aming panulat ay nagsilbing gabay,**
**Wala na ang Init**
**Ng mga palad mong laging hinihintay,**
**Wala na ang Gandang**
**Iyong inihasik sa aming paanan,**
**Wala na ang lahat:**
**Ang tanging nalabi'y pighati at panglaw,**
**Nguni't ikaw, Monching,**
**Sa aming gunita ay di mamamatay...!**

*—Ar. T. Gole Crut*

## Takda

(*Buhat sa pah.* 17)

alalahaning pagtingin niya rito'y nagiging kaanyuan ng isang pag-ibig. Umiibig siya kay Ling, kasing-taimtim at kasing-dakila ng pag-ibig na matagal na panahong ang yumao niyang kabiyak lamang ng nag-aari.

At yao'y natagpuan niyang isang hamon sa kanyang panata. Nguni't siya na rin ang nakaalam na walang mahihintay ang pag-ibig na yaon. Kung masisira man niya ang kanyang panata'y isang bantayog naman ang panata ni Ling.

At upang makaiwas, upang huwag na siyang masumbatan ni Ling na dinala niya sa ibang kahulugan ang kanilang magandang pagtitinginan, ay naisip nga ni Alan na ang tanging makabubuti'y lumayo siya.

Nagtaka si Ling nang sabihin ni Alan na lilipat siya ng tirahan nang hapong naihanda na niya ang kanyang mga kagamitan.

—Bakit? —Nagtatanong pati ang mga mata ni Ling. Ang mga matang nitong huli'y hindi na pinamumuuan ng luha kung naririnig man ang tugtuging *Love and Devotion.* At noo'y nakita niyang muli ang matingkad na kalungkutang naging katangian na ng mga matang yaon.

Wala siyang maisip na maidadahilan noon.

—May... mayroon ka bang hindi naibigang... ginawi ko sa iyo? —May bahagyang garalgal ang tinig ni Ling.

—Wa-wala, Ling! —At umiling si Alan. —Ito lamang ang makabubuti sa akin.—At sinikap ni Alan na huwag na niyang madugtungan ang sinabing iyon upang huwag nang mahiwatigan ni Ling ang tunay na dahilan ng kanyang pag-alis.

Nang makapanaog si Alan ay kung makailang ulit niyang pinatugtog sa restawran ang mga tugtuging *Love and Devotion* at ang *No Other Love.* Ibig niyang ipadama sa sarili sa pamamagitan ng mga tugtuging iyon na nagbabalik siya sa kanyang panata. Ibig niyang maikintal sa kanyang kaluluwa ang dating mataimtim na gunita ng nakaraan.

Subali't natagpuan ni Alan, sa paglipas ng mga araw, na waring may hadlang na sa kanyang pagbabalik sa nakaraan pagkatapos na ito'y lisanin ng kanyang gunita. Natuklasan niyang ito'y katulad ng landas na nang hindi na nadaraana'y sinibulan ng damo, unti-unting lumago at nagdawag hanggang sa hindi na niya matunton ang dating landas na iyon.

Hindi niya maipaliwanag sa kanyang sarili ang nadarama niyang malaking kakulangan sa kanyang buhay mula nang hindi na niya nakikita si Ling. Ang kahungkagan ng kanyang dagidig ay naging matingkad lalo't kung mga gabing madalas siyang pinupukaw ng larawan ni Ling sa kanyang mga bungang-tulog. Hindi na niya matagpuan ang kapanatagan. At siya'y ganap na sumuko.

PUMALAOT ang himig ng *Love and Devotion* mula sa *juke box* sa restawran at iyon ay nagpatinag sa matagal na pagkakatayo ni Alan sa panulukan ng daan. Marahan siyang humakbang, patungo sa *apartment.* Malakas ang kaba ng kanyang dibdib.

Hindi nakaila kay Alan ang pagkagulat ni Ling nang sumungaw ito sa pintuan nang siya'y tumawag. May kislap sa mga mata ni Ling nang siya'y patuluyin.

—Akala ko'y hindi mo na maiisipang dumalaw man lamang dito, —may sigla at pananabik ang tinig na wika ni Ling nang sila'y nakaupo nang magkaharap.


—Sinisikap ko sanang huwag na ngang pumarito sapagka't nangangamba akong baka... baka hindi mo ako maunawaan at mapoot ka sa akin, —may alinlangan ang tinig na wika ni Alan.

—Bakit? Bakit kita kapopootan?

—Matagal na pinarusahan ko ang aking sarili. At iyon ay nang dahil sa "pakikialam" ng kapalaran sa aking panata. Kung natatandaan mo, —at napabuntunghinga si Alan,

(*Sundan sa pah. 27*)


PAKANLURAN ANG MGA WEGON!
ni
WALT DISNEY
LIGALIG NA NAGHINTAY ANG MGA MAN-LALAKBAY MATAPOS TANGGIHAN ANG ALOK NG PUNO NG SIOUX NA PALI-TAN NG KALAKAL SI MYRA...
PAANO NGAYON? PAG LUMAGI TAYO, MAPAPASOK TAYO SA GULO! PAG NAGPATULOY TAYO, SASALAKAYIN TAYO NG MGA INDYAN!
MARAMI TAYONG DADA-AANANG MALALAKING BUNDOK, AT ANG MGA YELO'Y MALAPIT NANG MATUNAW! MABUTI'Y LUMAKAD NA TAYO!
DOKTOR JOHN, ANO NGAYON ANG GAGAWIN NATIN?
NAIISIP KONG MAKIPAG-USAP MUNANG MULI SA KAPATID NI LOBO... NANG WALA SI MABITUIN NA MAGSASABI NG DAPAT NIYANG GAWIN!
SIYA ANG NAGSABING SUWER-TE SA MGA SIOUX ANG GININ-TUANG BUHOK NI MYRA!
SA SANDALING YAON SA KAMPO NG SIOUX, SI MUNTING KULOG AY NAKATALAGANG GUMANAP NG PANGUNANG PAPEL SA PAGSASAGUPA NG MGA PUTI AT NG MGA PULA...
BIGLANG DUMUKWANG ANG BATA BILANG PAGSASAGAWA NG ISANG MAPANGA-NIB NA PAGSUBOK.
Walt Disney Productions
World Rights Reserved
1-6
Distributed by King Features Syndicate.
ITUTULOY...


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
PAGKATAPOS NG PANDAIG-DIG NA TIMPALAK-KA-GANDAHAN--
DOC, ANO'NG IBIG SA-BIHIN NITO? NANGA-KO KA NG TATLONG GANTIMPALA! NA-NALO NG UNANG GANTIMPALA SI NARDA. PAANO 'YUNG DALAWANG BABAE?
AYWAN KO--NA-LILITO RIN AKO! AYON SA UTOS SA AKIN--"ISANG TANGING MAGWA-WAGI"--
MISS INTERNATIONAL BEAUTY CONTEST
TINGNAN NATIN--SABI NG ALITUNTUNIN--"PAGKATAPOS NG TIMPALAK, ALISIN ANG ISPER-MANG TATAK AT BUKSAN ANG SO-BRE."--
ITO ANG SO-BRE. NAKITA NA NINYO, HINDI KO MAN LANG KILALA ANG NAGPADALA NG ALITUNTU-NING ITO--
"PAGKATAPOS MAPILI ANG PI-NAKAMAGANDANG BABAE SA DAIGDIG, BILANG SUSU-NOD NA HAKBANG AY PU-PUNTA SIYANG MAG-ISA SA POOK NA BA-BANGGITIN--"
MAG-ISA?
SUSUNOD NA HAKBANG?
DOC, ALAM NAMING NARI-RIYAN KA! BUK-SAN MO--O WAWASAKIN NA-MIN 'TO!
NANALO KAMI NG IKALAWA AT IKATLONG GANTIM-PALA! DINAYA KAMI!
HUWAD! MAGDA-RAYA!
MISS INTERNATIONA... ...AU... ...NTES...
LALAGUTIN NILA AKO--
UMALIS NA TAYO RITO, NARDA--MAY DAAN SA LABAS--
MISS INTERNATIONAL BEAUTY CONTEST
© 1957, KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
ITO ANG POOK NA PINA-PUPUNTAHAN SA IYO. HMMM--MAALIWALAS NA BU-KID. WALA KAHIT.
HINDI AKO PAIIWANG MAG-ISA--KALUKO-HAN LAMANG ITO! ANO'NG KAHULU-GAN NITO, MAN-DRAKE?
SUSUNOD: PANGALAWANG HAKBANG--


# señor MISERABLE

Nobela ni
PATROCINIA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER E. ESQUIVIAS




TARZAN
EDGAR RICE BURROUGHS ®
NAPATUNAYAN NI WALTER KEYS NA ANG REYNA NG TRIBO AY ANG PAMANGKIN NGA NIYA, NGUNI'T MATABANG AT MAY POOT ANG PAGTANGGAP NIYON SA KANYA.
"KALIMUTAN MO ANG PAGKAKAGALIT NATIN NOON," PAKIUSAP NI KEYS. "NAPARITO AKO UPANG IUWI KA-- AT ILAYO SA MGA **MABABANGIS**."
"ITO NA ANG AKING TAHANAN-- ANG **MABABANGIS** NA BINANGGIT MO'Y MGA TAUHAN KO," SABI NI KATHY.
"ALAM KONG PAGOD KAYO," IDINUGTONG PA NIYA. "MAAARI KAYONG MAGPALIPAS DITO NG MAGDAMAG--"
12-9
1344
"**HINDI!**" SIGAW NG DOKTOR-KULAM. "MASASAMA ANG MGA TAONG-PUTI --DAPAT NA SILANG UMALIS **NGAYON!**"
Distr. by United Feature Syndicate, Inc.
NAPOOT SI KATHY. "AKO ANG **REYNA**" GIIT NIYA. "AT SINASABI KONG HINDI PA SILA AALIS!"
DICK VAN BUREN JOHN CELARDO
PADABOG NA LUMAYO ANG DOKTOR-KULAM, SAKA NAGBANTA. "IKAW ANG MASUSUNOD--NGUNI'T MAY ISANG DAPAT MAMATAY!"


KULASA
SI MILIO AY MAHILIG SA PAKIKIPAGSULATAN. NANG MINSANG IPALATHALA NIYA ANG KANYANG PANGALAN SA PITAK NG "PEN PAL" AY TUMANGGAP SIYA NG DALAWANG LIHAM...
KUNG ANO ANG GANDA NG PANGALAN NG ISANG ITO ... REDENCION, AY SIYA NAMANG PANGIT NG ISA!
OO NGA... KULASA!
Katha ni P.S. ARGUELLES • Guhit ni TENY BAUTISTA
KUNG KULASA RIN LANG ANG MAGIGING "PEN PAL" KO E HUWAG NA! PIHONG MUKHANG PINGAS NA KAWALI ITO!
MALAY MO!... SAKA, BAKIT... KAHIT NA BA PANGIT, KUNG MAGANDA NAMAN ANG KALOOBAN, E DI MABUTING KAIBIGAN!
KAHIT NA! IYO NA ANG ISANG ITO, IPENG!
HINDI SINAGOT NI MILIO ANG SULAT NI KULASA. NAAWA NAMAN SI IPENG KAYA SIYA NA ANG SUMAGOT SA DALAGA...
"... AT ISANG KARANGALAN KONG ITUTURING NA TAYO'Y MAGING MABUTING MAGKAIBIGAN, KULASA..."
MATIYAGA KA RIN NAMAN, IPENG! PAPA'NO KUNG MAKIPAG-"DATE" SA 'YO 'YAN? BAKA MAPATAKBO KA NANG DI ORAS! HA-HA-HA-HA...
HINDI PANSIN NI IPENG ANG MGA PANGANGANTIYAW NI MILIO. PATULOY SIYANG NAKIPAGSULATAN KAY KULASA. AT ISANG ARAW...
MALAPIT NANG MAGSARAHAN ANG KLASE, IPENG! BAGO TAYO MAGBAKASYON SA ATIN-ATING BAYAN AY KAILANGANG MAKILALA NATIN ANG ATING MGA "PEN PAL"...
OO NGA... PERO...
TIKET, NGA MAMA... BOBOLAHIN NA SA LINGGO...
BAKA NAMAN IKINAHIHIYA MO LANG NA MAKITA NG IBANG KA-"DATE" MO SI MISS KULASA! HE-HE-HE! AKO... MAY USAPAN NA KAMI NI REDENCION! MAGKIKITA KAMI SA SABADO SA LIFE! DOON KAMI MAGKIKILALA! AT MANONOOD NA TULOY KAMI NG SINE!
BAKIT HINDI KA MAKIPAG-"DATE" DIN SA "PEN PAL" MO! NANG MAGKAKILALA NA TAYO SA SABADO! KAHIT NA BA PANGIT, E... MAIPAGMAMALAKI MO RIN SIGURO DAHIL SA MAGANDA NAMAN ANG KALOOBAN, SABI MO! HE-HE-HE!
UPANG IPAKILALA KAY MILIO NA MATAPAT SIYA SA KANYANG UNANG SINABI NANG MAKIPAGSULATAN SIYA KAY KULASA, AY...
LAGI MO AKONG KINAKANTIYAWAN, HA! ANG AKALA MO'Y KATULAD MO AKONG TUMITINGIN LANG SA KAGANDAHAN!
KUNG GAYON E...
OO... TITIPANIN KO SIYANG MAGKITA RIN KAMI SA SABADO! AT SA LIFE DIN...
DUMATING ANG ARAW NANG "DATE" NINA MILIO AT IPENG. MASAYANG-MASAYA SI MILIO...
PULANG BESTIDO RAW ANG ISUSUOT NI REDENCION, SAKA MAY BULAKLAK NA ROSAS SA TAPAT NG DIBDIB! HUMMM... PIHONG HINDI KO NA SIYA BIBITIWAN PAGKIKITA NAMIN!
ANG KAY KULASA NAMAN DAW AY SIMPLENG DAMIT NA PUTI AT SAPATOS NA ITIM! ITIM DIN DAW ANG DADALHIN NIYANG PAYONG...
INIP NA INIP SI MILIO SA PAGDATING NG TAKDANG ORAS NG KANILANG TIPANAN. HINDI SIYA MAPALAGAY...
KAY-TAGAL NAMAN! SABIK NA SABIK NA 'KONG MAMALAS ANG KANYANG KAGANDAHAN!
HUWAG KANG MAINIP... DARATING DIN IYON! KULANG PA NAMAN NG TATLONG MINUTO SA ATING USAPAN, A...
DUMATING ANG KANILANG HINIHINTAY. NGUNI'T KATUMBALIKAN NG KANILANG INAASAHAN, KABABALAGHAN ANG NANGYARI...
HELO, MILIO! NATUTUWA KA NA BA NGAYONG MAGKAKILALA TAYO?
ISANG KALIGAYAHAN PARA SA AKIN ANG LUBOS NATING PAGKIKILALA, FELIPE!
BUMIBILI NA NG TIKET SINA IPENG AT KULASA UPANG MANOOD NG SINE AY HINDI PA MAKAKILOS SI MILIO NA PARANG NAMAMATANDA...
BA, TAYO NA! BAKA MAUBUSAN TAYO NG UPUAN...
WAKAS


"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-2 LABAS
ISANG KASAYAHAN ANG NAKATAKDANG IDAOS KINA DON FILEMON MIJARES DAHIL SA PAGTATAPOS SA KONSERBATORYO NI LEANDRO AT SA PAGBUBUNSOD NG KANDIDATURA NG DON. NAGTAKA SI LEANDRO NANG MAY MAGPALIMOS SA KANILA NA ISANG MAGANDANG DALAGANG TUMUTUGTOG NG AKORDIYON. KINABUKASAN, PATUNGO ANG BINATA KINA LULU NANG MARINIG NA MAY TUMUTUGTOG SA PIYANO NG "REMEMBER ME". SINALIWAN IYON NG MGA IMPIT NA PANANGIS NG KUNG SINO...
TULAK NG KAPANGYARIHAN NG NARIRINIG NA TUGTUGIN AT NG PAGHAHANGAD NA MALAMAN KUNG ANO ANG NANGYARI, SUMILIP SI LEANDRO SA PINTO, AT NAKITA NIYANG...
INAY... HU-HU-HU-HU...
HUWAG KANG UMIYAK, TOTOY! TUMAWAG TAYO SA DIYOS PAGKA'T SIYA ANG AMA NG AWA!... SA TULONG NIYA'Y MAAARING GUMALING DIN ANG IYONG INA...
Katha ni EDDIE RAÑOLA
WALA NA AKONG MAILALAPAT NA LUNAS SA MAYSAKIT! TALAMAK NA ANG SAKIT SA KANYANG KATAWAN! MAAARING HINDI NA SIYA LUMAGPAS SA DALAWANG BUWAN...
NOON PANG UNANG TINGNAN NINYO SIYA AY ALAM KO NA, DOKTOR... KAYA SINISIKAP KO NA LAMANG NA PALIGAYAHIN SIYA SA ABOT NG AKING KAYA...
GAYA HO NGAYON NA NAHILING NIYANG AKO'Y TUMUGTOG... KAHIT LABAN SA AKING KALOOBAN AY PILIT KO SIYANG SINUSUNOD...
GAYON NA NGA... PALIGAYAHIN MO NA LAMANG SA ANO MANG PARAAN ANG IYONG INA, PAGKA'T... NABIBILANG NA NIYA ANG KANYANG MGA ARAW!
NANG PAALIS NA ANG DOKTOR AY NABANGGA PA SA MAY PAGKALABAS NG PINTO SI LEANDRO...
E...IPAGPAUMANHIN NINYO, DOKTOR...
GAYONDIN AKO, MISTER... HINDI KO KAYO SINASADYA...
MULING SUMILIP ANG BINATA, AT LALONG SUMIDHI ANG PAGTATAKA SA NASASAKSIHANG TAGPO NANG MAKILALA ANG DALAGANG...
SIYA...!
HU-HU-HU-HU...
HUWAG KA NANG UMIYAK, RENE... HAYAAN NATING MAPAHINGA ANG INAY...
ANONG HIWAGA ANG NANGYAYARING ITO SA KANILANG BUHAY...!
ANG PAGTATAKA NG BINATA AY INIHANAP NIYA NG KASAGUTAN SA PANGANGAHAS NA PUMASOK NANG WALANG PAANYAYA. NAGULAT PA ANG DALAGA NANG...
IPAGPATAWAD NINYO... NGUNI'T NARINIG KO ANG IYAK NG BATANG ITO... AT NANGAHAS AKONG PUMASOK UPANG MAKIRAMAY KUNG ANO MAN ANG NANGYAYARI...
KAYO PALA...
SALAMAT SA INYO... NGUNIT... WALA HO NAMANG MALUBHANG BAGAY! MAY SAKIT ANG AKING INA, AT INIIYAKAN LAMANG NG KAPATID KO!
KUNG HINDI AKO NAGKAKAMALI AY MALUBHA ANG KANILANG SAKIT, AT IYAN ANG SANHI KUNG BAKIT KAYONG MAGKAPATID AY...
NAGPAPALIMOS!... OHO, AT SA TANDA KO'Y ISA KAYO SA MGA NAPAGPALIMUSAN NAMIN KAHAPON!
AT IYAN ANG IPINAGTATAKA KO! HINDI AKO MAKAPANIWALA...
HINDI NGA KAPANI-PANIWALA ANG AMING KASAYSAYAN! NGUNI'T ITO'Y TUTOO, NAGAGANAP AT NASASAKSIHAN NG LAHAT! KAMI'Y KABILANG SA MGA TAONG BINIRO AT PINAGLUPITAN NG PALAD, BAGAMAN DUMAAN DIN ANG PANAHONG KAMI'Y MASASABING TUMUNTONG SA IBABAW NG DAIGDIG...
ITUTULOY

## Takda

(*Buhat sa pah.* 20)

—ang minsa'y nasabi ko sa iyo na may kaugnayan sa panata. Na, hindi kaya ang panata'y nagkakapuwang lamang sapagka't ang isang may panata'y hindi pa lamang nakatatagpo ng kasukat? Na ang karupukan ng tao'y na sa kung iba ang gusto niyang mangyari kaysa itatakda ng kapalaran sa hinaharap?

—Hindi ko nakakalimutan iyon mula nang mabanggit mo. At nang makaalis ka'y saka ko naitanong kung iyon nga kaya ang katotohanan, —sabi ni Ling. Na sa kanyang anyo ang katapatan ng damdamin.

—Lumayo ako, Ling, upang maipagtagumpay ko ang aking panata. Akala ko'y sa gayon kita malilimot. Nguni't nadaig ako ng takda ng kapalaran. Patawarin mo ako, Ling; na ako'y nagkagayon.

Hindi siya tinugon ni Ling. Sa mga mata nito'y may nangingilid na luha.

—Ling, bakit pa tayo nagkakilala?

—Bakit pa nga, kung... kung... —Umaagos na ang mga luha sa pisngi ni Ling. —Nguni't may... dapat kayang ipagsisi? — At napasulyap siya kay Alan.

—Wala nga, Ling..: kung... kung kapuwa tayo sasang-ayon sa itinatakda ng kapalaran.

GABI na nang magpaalam si Alan. Sa kahilingan ni Ling ay nagdaan siya sa restawran upang patugtugin ang *Love and Devotion*. Hindi upang iukol nila sa nakaraan, kundi bilang tanda ng bagong pag-ibig na dakila at matimyas. At habang lumalayo si Alan ay humahabol sa kanya ang himig na iyon. (X)

—oOo—

## Sa Ibabaw...

(*Buhat sa pah.* 19)

yong magkakapatid... sabihin ninyong hindi ninyo nalalaman. Hayaan mong ang ina mo ang makipag-usap sa sinumang magtatanong. Alam na niya ang isasagot. At kung may magtatanong pa rin kung malimit akong umalis ng bahay, sabihin mong hindi. Pagbibilinan ko rin ang mga kapatid mo. Tandaan mo ang mga bilin ko, ha, Mario?

—Oho, —naitugon na lamang ni Mario bagama't hindi pa niya nauunawaan ang lahat.

Pagkaraan ng pag-uusap nilang yaon, kung ilang araw pang nag-aalis ng bahay si Mang Karyas. Pagkatapos ay matagal itong napatigil ng bahay. At hindi naman nag-usisa pa si Mario sa kanyang ama.

Isang araw ay umuwi ng bayan si Mang Karyas. Umaga pa ito nang lumakad. Nguni't tumanghali na ay hindi pa dumarating. Hindi pa nagtatanghalian si Mang Karyas, at nagsimula nang mabalisa si Aling Inggay.

—Bakit wala pa ang Itay? —malimit itanong ni Victor sa ina.

—Baka... baka nahuli ng mga Hapon... —nasabi ni Fred, at nabulyawan tuloy ito ni Aling Inggay.

—Siyanga, baka nga, Inay... —mangiyak-ngiyak nang wika ng bunsong si Victor. —Baka nga nahuli ang Itay.

—Magtigil nga kayo, —singhal ni Aling Inggay, nguni't hindi nakaila ang bahagyang panginginig ng kanyang tinig. —Kung anu-ano'ng sinasabi ninyo...

Natahimik ang magkapatid. Nguni't nang malapit nang lumubog ang araw at hindi pa dumarating si Mang Karyas ay napapaiyak na si Victor. Parang ibig nang maiyak ni Fred, gayundin ni Aling Inggay. Tanging si Mario ang hindi pinanghihinaan ng loob. Matigas ang kanyang mukha.

—Susundan ko ang Itay, —sabi ni Mario sa ina.

—Magtigil ka nga, bata ka, —tugon ni Aling Inggay. —Baka kung anong kalokohan an[illegible] .no? —dugtong [illegible] nito. —Paris no'ng [illegible]sundan mo ang ama mo noong gabing mapatay si Ingkong Andres. Basta huwag kang aalis ng bahay.

Dapit-hapon na nang makauwi si Mang Karyas. Sabay-sabay na sumalubong dito ang asawa't mga anak.

—Bakit ngayon ka lamang? —tanong ni Aling Inggay, at bigla itong namangha nang ganap na mapagmasdan ang mukha ng asawa.

—Bakit... ano'ng nangyari sa iyo? Bakit ganyan ang mukha mo?...

Hindi nagsalita si Mang Karyas. Nakatiim nang mahigpit ang kanyang mga bagang. Naglalarawan ng apoy ang kanyang mga mata.

(ITUTULOY)

—oOo—

## Ito ang Istorya...

(*Buhat sa pah.* 19)

yan daw sila ng isang pabrika. Marami raw pabrika ang mga bibiyenanin ni Pacing.

Sa tingin namin ay si Pacing na ang pinakamasuwerteng kanayon namin. Siya na seguro ang magiging pinakamayaman sa aming baryo.

Sumapit ang araw ng kasal nina Pacing. Lalong nainggit sa kanya ang kanayon naming mga dalaga. Maaga pa'y nakaparada na sa tapat nina Pacing ang kotseng gagamitin sa kanilang kasal. Nguni't hindi pa kasama si Teodoro. Ang pasabi raw sa may-dala ng kotse na lumilitaw na isa sa kanilang mga tsuper ay darating iyon na sakay naman ng ibang kotse.

Hindi mapalagay si Pacing habang binibihisan ng damit-pangkasal. Tanong daw nang tanong kung wala pa si Teodoro. Nguni't hanggang sa makapagbihis siya ay hindi lumilitaw kahit ang anino ni Teodoro.

Nabahala na si Pacing. Pati ang kanyang inang at ang kanyang tatang ay walang malay gawin. Pabalik-balik sa tsuper ni Teodoro. Ang may dala ng naunang kotse; tanung tanong kung darating pa si Teodoro. Wala ring masabi ang tsuper. Basta raw pinauna siya roon.

Nang tumanghali na at wala pa si Teodoro ay ipinasiya na ni Pacing na sa simbahan na niya hihintayin si Teodoro. Mabuti't may kasabay silang ikakasal din. Ang mga iyon ang nauna at habang nagseseremonya ang pare ay panay naman ang dasal ni Pacing.

Nguni't natapos at natapos ang pagkakasal sa kanilang kasabay ay hindi rin dumating si Teodoro.

Ibig nang maluha ni Pacing nang isang lalaki ang humahangos na lumapit sa kanya. Lahat ng paningin ng mga naroon ay natuon sa lalaking iyon.

Kinikilalang mabuti ni Pacing ang lalaki nang magsalita.: —E, kayo 'ata ang sinasabi ni Anong na naghihintay sa kanya rito.

—Sinong Anong? —patanong na sagot ni Pacing. —Si Teodoro ang hinihintay namin.

—Sinong Teodoro ho? —patanong ding agap ng lalaki. —Ako ho ang Teodoro. At kaibigan ko hu si Anong. Pinapunta nga niya ako rito at ipinasasabi sa inyong... —Nati-

(*Buklatin sa p.* 30)

## Bumagsak si Roman ...

Si Roman ay isang agrimensor. Marami na siyang naabot na bayan. Paiba-iba ang kanyang distino. Noong nakaraang buwan ay nadestino siya sa Kalumpang. At tuwing maririnig niya ang salitang Kalumpang ay may nagugunita siya — si Lolita.

Si Lolita'y nakilala ni Roman sa Kalumpang. Lagi raw tingin nang tingin sa kanya si Lolita noon. Sa sarili'y nawika raw ni Roman — *may araw ka rin...*

At kapag sinabi ni Roman ang gayon nang nakatitig siya sa babae, hindi magtatagal at liligawan niya ang babaing iyon at pilit na paiibigin.

At hindi nga nagtagal ay pumanhik si Roman ng ligaw kina Lolita. Tuwang-tuwa raw si Lolita nang salubungin siya. Ipinakilala raw siya sa lahat ng kasama niyon sa bahay. Sa loob-loob daw ni Roman ay tiyak ang tagumpay niya. Siguradong darating ang *araw* ni Lolita.

Nguni't bago pa lamang sila nag-uusap ay sa-darating ang isang lalaki. Sa tingin daw ni Roman ay isang empleyado. At bigla raw siyang sinumpong ng pagtalon sa bintana nang salubungin iyon ni Lolita at sabihing: '*Ney*, siya si Roman, ang sinasabi ko sa 'yong *napaglilihihan* ko!

## AYON SA KANILA...

Ang wala sa panahong pagkamatay ng Pangulong Magsaysay ay isang mariing dagok sa bayan. Kaipala'y daraan ang napakatagal na panahon bago maghilom ang sugat na nilikha ng trahedyang ito sa puso ng mga Pilipino.

Sa ngayon, wala na tayong magagawa kundi ang magluksa at ipagdalamhati ang pagyao ng isang Dakilang Lider. At may bahaging maaari nating gampanan upang maging karapatdapat sa kanyang alaala at magagandang halimbawa: ang sikaping makiisa at makasunod sa kanyang mga simulain, paninindigan at mahahalagang layunin noong siya'y nabubuhay. Sa ganyan lamang magiging maligaya siya roon sa kabilang buhay at sa ganyan din mapananatili nating laging buhay sa alaala ng bayan ang magiting na patnubay na ito ng bansa na maagang inagaw sa atin ng kamatayan. —*Salud K. Uhares, Rizal.*

Maraming magagandang tuntunin at kautusan na pinairal ang Kagawaran ng Paggawa sa kapakanan ng mga "kawal ng bisig". Ang mga ito'y mahigpit na ipinatutupad sa lahat nang pagawaan, lalung-lalo na sa mga kawanihan, kagawaran at iba pang sangay ng pamahalaan. Nguni't tila hindi rin natutupad ang nabanggit na mga tuntunin at batas sa paggawa sa maraming pagawaan. Halimbawa na lamang ay diyan sa NDC. Sa abot ng aming kaalaman, ang mga babaing manggagawa, ano man ang edad, may kaukulan mang kompensasyon o wala, ay hindi dapat pagawain o papagtrabahuhin nang laging nakatayo sa loob ng walong oras. Subali't kung hindi kami nagkakamali, ang karamihan sa mga babaing manghahabi ng damit at sinulid sa naturang kompanya ay halos nakatayo sa loob ng walong oras na pagtatrabaho, na ang tanging pahinga at pagkakataong makaupo ay sa oras lamang ng pagkain. Hindi ba ang gayo'y nalalabag sa isang seksiyon ng ating mga batas sa paggawa, matangi na nga lamang kung kami'y nagkakamali ng paniniwala? Bakit nagkakagayon...? —*Felipa F. Buencamino, Mandaluyong, Rizal.*

TUNAY NA PANGYAYARI

# "SI AMA, AKO, AT ANG AKING ANAK..."

*Pagtatapat ng Isang Ama kay BENITO R. CADIZ*



*"Nang umuwi ako kinahatinggabihan ay..."*

AKO'Y isang ama ng tatlong mga anak. Maligaya na sana ako sa mundong ito at maligaya ring haharap sa Diyos sa oras ng aking kamatayan kung hindi sa ilang pangyayaring bumalot sa aking buhay. Ang aking kasaysayan ay isang magandang halimbawa sa mga tulad kong ama ng tahanan. At ngayo'y isasalaysay ko upang maging salamin ng aking kapuwa.

---

Maliit pa ako nang maulila sa ina. Napakabait ng aking ama. Sunod na sunod ko ang aking layaw.

Dahil sa labis na pagpapasunod sa akin ni Ama, ako'y lumaking matigas ang ulo at suwail sa magulang. Hindi sana dapat magkagayon. Nararapat sanang naging mabuti akong anak bilang bunga ng isang napakabuting ama. Nguni't katumbalikan nga ang nangyari. Ako'y naging walang turing sa magulang. Kasamaan pa ang natutuhan kong iganti sa napakabuting pagpapasunod ng aking ama.

Hindi ko pa nalilimot ang alaala ng isang araw na hanggang ngayon ay parang multong sumusurot sa aking gunita.

Kagagaling ko lamang noon sa paglilibot nang salubungin ako ni Ama. Pinangaralan niya ako.

—Wala kang mapapala sa paglalagi sa lansangan, anak, —ang wika noon ni Ama. —Bawas-bawasan mo naman ang paglalayas. Tulungan mo ako sa mabibigat na gawain dito sa bahay. Matanda na ako at hindi ko na makakaya ang pag-aasikaso sa lahat nang bagay. Malaki ka na naman...

Sa halip na unawain ko ang pangaral ni Ama ay sumama pa ang aking loob. Hindi ko minabuti ang pagsasalita niya sa akin. Dinabugan ko pa siya. At nang siya'y magalit ay galit din akong nanaog ng bahay.

Hindi ko inaakala, ang kalapastanganan kong iyon ay labis na dinamdam ni Ama. Marahil ay napuno na ang kanyang pagpapaumanhin. Nang umuwi ako kinahatinggabihan ay maraming tao sa bahay. Inatake raw ng sakit sa puso ang aking ama.

At ang pagsumpong na iyon ng sakit ni Ama ay siya nang naging sanhi ng kanyang kamatayan. Masasabi kong ako ang dahilan ng kanyang maagang pagyao.

Hindi ko lubusang nadama ang bigat ng aking mga pagkakasala sa magulang kundi nang lumipas ang mahabang panahon. Nito na lamang ako'y naging isa na ring ama ng tatlong mga anak.

Ang dalawa kong anak na babae ay mababait. Wala akong suliranin o sama ng loob na tinatanggap sa kanila. Subali't si Floro, ang aking panganay, ay isang pasanin. Sa kabila ng mabuting pagpapasunod ko sa kanya ay naging walang utang na loob. Malimit umiyak ang kanilang ina dahil sa kanyang mga kalapastanganan. At ako man ay madalas ding tumanggap ng matinding sama ng loob sa kanya. Matigas ang ulo ni Floro. Palasagot sa magulang. Walang nais na ibig mabali. Kapag napagsalitaan ng sino man sa aming mag-asawa ay gagantihin kami ng pabalang-balang na pangungusap.

Sa tindi ng mga sama ng loob na idinudulot sa amin ni Floro ay malimit akong makapagdilidili. Nagbabalik sa aking alaala ang panahon ng aking kabataan... noong ako'y larawan din ng anak kong ito, at ang aking ama'y siya namang nagdaranas ng tulad ng aking kalagayan ngayon. Kaya, sa halip na ibunton ko sa aking anak ang sisi, sa akin na ring sarili iniuukol ko ang gayon. Sapagka't ang dinaranas ko ngayong mga dalamhati at sama ng loob ay siya lamang ganti sa mga sama ng loob na idinulot ko naman sa aking magulang. Nararapat lamang na danasin ko rin ang ganito bilang kabayaran sa malaki kong pagkakautang sa yumao kong ama.

## Sa Mundong Ito Ay Di Nasisira Ang Kawikaang "Kung Ano Ang Inutang Ay Siyang Kabayaran"

Subali't ang Diyos ay sadyang Ama ng Kabutihan. Ngayong pinagsisisihan ko na ang aking pagkakasala ay hindi naman naging napakalupit ang mga pangyayari. Marahil ay sapat na ang dinanas na mga tiisin at sama ng loob naming mag-asawa upang mapagbayaran ko ang aking pagkakautang sa sarili kong mga magulang. Hinango rin kami ng Diyos sa lihim na pagdurusa sa kasamaan ng panganay naming anak.

Parang himala ang mga pangyayari. Biglang-bigla ang naging pagbabago ni Floro dahil lamang sa isang napakagandang halimbawang naipamalas ko sa kanya nang di kinukusa.

Isang araw na muli na namang pagsasagutin kami ni Floro dahil sa pangangaral namin sa kanya, ay nagsawalang-imik na lamang kaming mag-asawa. Nguni't nang umuwi siya kinahapunan ay sinadya kong ipadama ang aming sama ng loob. Hindi namin siya kinibo hanggang sa oras ng pagkain. At nang kami'y magkakaharap nang nagpapahinga sa salas ay kinausap ko ang dalawa niyang kapatid. Sadyang ipinarinig ko sa kanya ang mga binigkas kong pangungusap.

—Maaaring hindi na namin abutin ang inyong pag-aasawa at ang pagkakaroon din ninyo ng mga anak. Matatanda na kami ng inyong ina... —nangingilid ang aking luha habang ako'y nagsasalita. —Kung sakaling ang inyong Kuya ay maging isang mabuti ring ama na mapagpasunod at mapagpaumanhin sa kanyang magiging mga anak, kami ng

(Buklatin sa p. 30)

Pitak ni EDDIE RAÑOLA

Isang ganap na tagumpay ang unang pelikula ng Vera-Perez Productions —ang "Sino Ang May Sala" na katatapos lamang itanghal sa dulaang Life. Kinilalang "bagong kampeon" sa takilya sa taong ito, ang pagtatanghal ng "Sino Ang May Sala" ay inilipat sa dulaang Majestic at patuloy na dinaragsaan ng maraming manonood hanggang sa mga sandaling sinusulat ito.

Ang bawa't nakapanood ng "Sino Ang May Sala", mula sa matataas na pinuno ng pamahalaan, mga kilalang propesyonal hanggang sa karaniwang mga mamamayan ay nagsasabing isa ito sa pinakamalaking pelikula ng taon.

Ang pangalawang pelikula ng VPP ay malapit na ring mapanood at inaasahang muling sisira ng rekord sa takilya. Ito'y ang "Mga Anak ng Diyos."

---

"Espadang Umaangil"! Iyan ang pambatong pelikula ng Premiere Productions na sinulat at pinamahalaan ni Nemesio Caravana. Ayon sa mga nakapanood ng mga huling siyuting ng pelikulang ito, si Efren Reyes ay higit na hahangaan dito ng mga manonood. Ibinuhos dito ni Efren ang buo niyang lakas, liksi at kakayahan sa pagganap upang maging kasiyasiya sa lahat ang ginagampanan niyang papel na isang makisig na esgrimador.

Kung bakit pinamagatang "Epadang Umaangil", iyan ang ilalarawan ng panooring ito na susunod na itatanghal sa dulaang Dalisay.

---

Isang araw, may isang babaing galit na galit na pinagkalipumpunan ng mga tao sa may Sta. Mesa. May dalang isang putol na bakawan ang babae at kung sinong Pilato ang hinahanap.

Isang mukhang pilyong tin-edyer ang may ibinulong sa babae. Lalong nandilat sa galit ang babae at patakbong sumugod sa isang lugar na itinuro ng binatilyo. Napasunod na lamang ang tingin ng lahat. Balana'y naghintay kung ano ang mangyayari.


Pagkaraan ng ilang sandali, muling lumitaw ang babae. Nguni't sa buong pagtataka ng lahat, hindi na galit at nagtatawa pa.

Hinahanap pala ng babae ang isang anak na nagngangalang Sebya pagka't hindi na sumipot nang pabilhin lamang ng mantika. Kaya nga galit na galit. Ibinulong naman pala ng pilyong tinedyer na matatagpuan ng babae ang anak nito sa lugar na itinuro. At hindi naman kasinungalingan. Natagpuan nga roon si Sebya, nguni't hindi ang Sebyang anak ng babae kundi ang Sebyang pinapalikian ni Nestor de Villa — si Nida Blanca. May siyuting pala noon sina Nestor at Nida sa "Sebya, Mahal Kita".

Kaya nga ang galit ng babae ay nauwi na lamang sa tawa nang makita ang kinagigiliwang mga bituin.


---

Dalawang bata ang nag-




Isang nakatatawang tagpo sa pelikulang "Ang Bahay sa Bundok" ng Rudy Robles Productions nang mapagbintangang nang-agaw ng handbag sina Tuko at Amado Cortez. Bukod sa dalawa, makikita sa larawan sina Bien Alcantara, Naty Padilla, Numeriano Reyes, Leonora Ruiz, Rey Bautista at Jose Reyes. Si Myrna Delgado ang gaganap sa pangunang papel ng babae, at kasamang bituin sina Letty Ojera, Maria Luisa, Nello Nayo at Roberto Dantes. "Screenplay" ni Jose C. Garcia at direksiyon ni Rudy Robles.





Ang tanyag na magkasintahan sa puting-tabing, sina Nestor at Nida, na muling magkatambal sa "SEBYA, MAHAL KITA" ng LVN, kasaysayang sinulat ni Beer Flores at isinadula sa radyo sa pagtataguyod ng San Miguel Brewery.

Masayang nakikipagkuwentuhan si Tony Cruz, Jr. kina Celia Fuentes, Teresa Mendez at Mila Nieva ng Everlasting Pictures. Si Tony, kilalang bituin sa Kabisayaan, ay na sa bakuran na ngayon ng Everlasting. Ang apat na bituin ay nagsisiganap ng mga pangunang papel sa "LAKI SA LAYAW" na malapit nang mapanood sa puting-tabing.





Sina Gloria Romero at Van de Leon, sa isang malungkot na tagpo sa "MGA ANAK NG DIYOS" ng Vera-Perez Productions na tinatampukan ng maraming pangunahing bituin ng Sampaguita.

kagalit noong Huwebes sa may harapan ng dulaang Center. Nang awatin ng isang pulis at usisain kung bakit, ay nag-away pala dahil kina Anita Linda at Celia Fuentes- Iginigiit ng isa na higit na mahusay na artista ang una, at ipinipilit naman ng isa na lalong mahusay ang huli.

"Panoorin n'yo... tingnang n'yo kung sino sa 'min ang tama!" sabi pa sa pulis ng batang maka-Celia, na may kapilyuhan din naman.

Para namang ulukan, pumasok nga ang pulis. At nasarapan yata sa panonood, matagal bago muling lumabas.

"Mag-aaway nga ang dalawang 'yun", ang wika sa isang kakilala na ang tinutukoy ay ang dalawang batang nagsialis na. "Talagang walang-itulak-kabigin kina Celia at Anita sa pelikulang ito. Ang husay kapuwa ng kanilang pagkakaganap!" At nagpapahid ng pawis na nawala na sa karamihan.

Kung sino ang pulis na iyon? Isa palang *siga* na nagpupulis-pulisan lamang sa hangad na laging makapanood ng sine — nang libre.

Ang pinanood na pelikula?

Ang "Viva las Señoritas" ng Everlasting na kasalukuyang itinatanghal sa Center.

—oOo—

## Si Ama...

(*Buhat sa pah. 28*)

inyong ina ay maliligayahan kahit na naroon na sa kabilang buhay.

Pinahid ko ang aking luha, saka ako nagpatuloy:

—Ang labis ko lamang inaalaala, ay kung magkaroon ng lapastangang anak ang inyong Kuya. Maaaring dahil sa kanyang kabaitan kung ganap nang magbago ang kanyang isip, ay timpiin na lamang niyang lagi ang kanyang mga sama ng loob. Kung magkakagayon, kawawa naman ang inyong Kuya. Kaya kayo na ang hinahabilinan kong gumawa ng marapat at siyang magpakilala sa pagkakamali ng kanyang anak. Pangaralan ninyo at parusahan ang bata upang sa gayo'y makatulong kayo sa inyong Kuya sa pagdadala niya ng mabigat na pasanin. Minamahal namin kayong lahat, lalo na ang inyong Kuya, at ayaw naming magdanas ang sino man sa inyo ng gaya ng hirap ng loob na aming dinaranas...

Marami pa akong sinabi. At walang umimik na sino man sa aming mga anak. Pagkuwa'y nakita ko si Floro na malungkot at tungo ang ulong pumasok sa silid.

At kinabukasan, nang sumunod pang mga araw ... at hanggang sa mga sandaling ito, naging isang bagong Floro ang anak naming panganay. Isang himala ang biglang niyang pagbabago dahil sa ipinakita kong halimbawa, na ang tutoo'y ginawa ko dahil lamang sa labis kong sama ng loob sa kanyang inaasal nang mga araw na iyon.

Ngayon, natitiyak kong hindi na daranasin ng sino man sa aking mga anak ang tulad ng aming dinanas. Hindi na mauulit ang kasaysayan. (X)

—oOo—

## Ito ang Istorya...

(*Buhat sa pah. 27*)

gil ang pagpapaliwanag ng lalaki nang makita ang suot na singsing ni Pacing. —Bakit na sa inyo ang singsing na 'yan? Hiniram hu niya sa akin 'yan at gagawin daw niyang muwestra sa pagbili niya. Akin hu 'yan...

Para raw sinampal si Pacing. Ang mga tao nama'y napapaisip na nagkatinginan.

—E, bakit n'yo ba hihintay dito si Anong? — naitanong ng lalaki kapagkuwan.

Si Pacing ay hindi nakasagot. Kumimbut-kimbot lamang ang mga labi. —Pinapunta nga hu n'ya ako rito at ipinasasabing hindi siya makararating ngayon, —patuloy ng lalaki. Nagtataka na ito sa napapansing hindi pagkibo ng kanyang mga kaharap.

—Ba-bakit hu raw siya hindi makakapunta rito ngayon? —Si Pacing ay lumuluha na dahil sa malaking sama ng loob at kahihiyan.

Nagkibit pa ng balikat ang lalaki. —Wala hung sinabi sa aking dahilan. Hindi hu siya magkantututo sa pagbibilin at pagbibigay ng inyong direksyon sa akin e. Mangyari hu'y nanganak ang kanyang asawa.

Biglang-bigla, naghari raw sa lahat ang pagkakagulong hindi mawawaan. Masahol pa sa mga binagsakan ng bomba. Nguni't ang malinaw, hinimatay si Pacing, ang kanyang inang, ang kanyang tatang at marami pa.

Samantalang nagkakagulo ay nagkausap daw ang lalaki (ang tunay na Teodoro) at ang tsuper ng kotseng dumating kina Pacing nang umagang yaon.

Tsuper: Bakit mo sinabing nanganak ang asawa ni Anong? Lekat 'to, oo! Kung ako, hindi ko sinasabing hiram lang ni Anong ang kotseng ito, e.

Teodoro: Bakit ba? Ano ba'ng... ano ba'ng masama no'n. E sa 'yon ang nalalaman kong dahilan kung bakit hindi makararating si Anong, e.

Tsuper: Hindi mo ba alam na ikakasal kay Anong ang babaing nakausap mo?

Teodoro: Ha...? (At hinimatay daw. Tuwid na tuwid daw nang isakay tsuper sa kotse.) (X)

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY.

Tanggapan at pasulatan: 209 Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon.

Namamatnugot: EDDIE RAÑOLA

Kagawad: GREGORIO R. FLORENCIO     Sa sining: PETE VENEZUELA

# Pinakamalaking Pelikulang Nagawa sa Pilipinas

APAT NA PUNG TAON na ang industriya ng pelikula sa Pilipinas . . at napakarami nang pelikula ang nagawa ng iba't ibang samahan. Subali't, kung magkakataon, ngayon pa lamang nakagawa ang ating mga prodyuser ng isang pelikulang hindi lamang tiyak na kikita ng kinakailangan nating dolyar kundi magbibigay pa ng karangalan sa ating bansa.

Ang pelikulang ito ay walang iba kundi ang "The Day of the Trumpet" na ginawa ng C. Santiago Film Organization. Isinapelikula sa "Superscope" at may kulay na Eastman, ang "The Day of the Trumpet" ay gumamit ng mga artista at teknikong Amerikano at Pilipino.

Ang mga bituin sa pelikulang ito ay sina John Agar, Pancho Magalona, Richard Arlen, Alicia Vergel, William Phipps, Myron Nealey, Cielito Legaspi, Eddie Infante, Vic Diaz at Max Alvarado. Sinulat at pinamahalaan ni Direktor Eddie Romero, at katulong na prodyuser si Gerardo de Leon.

Ang kasaysayan ng "The Day of the Trumpet" ay nangyari noong 1903 nang katatapos lamang ng digmaang Amerikano at Pilipino. Isang pangkat ng kabalyerya ng mga Amerikano ang papasok sa bayan ng San Leonardo upang ito'y sakupin. Nakasagupa nila ang pangkat ng mga rebeldeng Pilipino sa pamumuno ni kapitan Magno (Pancho Magalona) na hindi naniniwala sa simulaing demokratiko ng mga Amerikano.

Nasakop ng mga Amerikano ang bayan ng San Leonardo at naitaboy ang mga rebelde sa bundok. Agad sinimulan ng mga Amerikano ang pagpapagawa ng paaralang-bayan at pagtuturo ng kabihasnan. Unti-unting naniwala ang mga taong-bayan sa mga Amerikano at pati si Laura (Alicia Vergel) ay pumanig din sa mga puti, bagay na pinagmulan ng pagkakagalit nila ng kanyang katipang si Kapitan Magno.

Kung ano pa ang sumunod na mga pangyayari, na kinasangkutan ni Tibok (Max Alvarado) na pinuno ng isang pangkat ng mga mandarambong na Igorot, at ng marami pang tauhan ng kasaysayan, ay siyang mapapanood sa panooring ito na matititik sa kasaysayan ng mga pelikulang Pilipino.



Dumalaw si Haines (William Phipps) sa puntod ni Clara (Cielito Legaspi) na pinatay ng kasintahang Igorot.



Sina John Agar at Max Alvarado, na nakunan ng larawan sa lilim ng isang punongkahoy samantalang naghihintay ng gagampanan nilang papel sa harap ng kamera.



Si Kapitan Magno (Pancho Magalona) ay tinugis ng mga amerikano sa pamumuno ni Tenyente Worth (Myron Healey), Sarhento Norcutt (John Agar) at Neisler (Richard Arlen), nguni't hindi nahuli ang rebelde.




Ang pakikipagkaibigan ni Sarhento Norcutt kay Clara (Alicia Vergel) ay di nauunawaan ng dalaga, kung kaya ito'y may hawak na gulok at pinagbabalaan ang mga panauhing Amerikano...


*Nakatalá sa mga Bituin...*

ELGIN
The Beautiful Way to Tell Time
TIMED TO THE STARS!

May mga taong naniniwala sa suwerte. Ang iba'y sa astrolohiya. At mayroon namang nananalig sa sinasabi ng matalino nilang pag-isip. Gayunman, lahat ay matatanggap, sa ELGIN — ang tanging orasang magiging pinakamalapit sa pamantayan... sa pagitan-ng-saglit na Isinaoras-sa-mga-Bituing katumpakan, sa walang-kupas na marikit na kaha, sa nakapagtatakang ligtas-sa-sirang takbo!


HEACOCK'S
The Store of Quality
DASMARIÑAS PHONE: 3-54-71
ERA MEMBER




Lord ELGIN "Wakefield": Choice of Concensus! 21 kilatis. 14K likas na puno ng gintong tikluping kaha. 18K inilangkap na ginto: limang pigura, anim na 'tila-tulo-ng-luha'. Susong lunting balat ng buwayang panggalang. Nakakahong-pangregalo. 7680G ............ ₱235.00

BUHAT SA *fresco* DEODORANT BEAUTY SOAP!

# MALAKING PAGTITIPID!




## *fresco*

na may **ARODIN**

- **nakasusugpo sa amoy-pawis!**
- **pinagaganda ang inyong kutis!**

**PAMBIHIRANG PAGKAKATAON!**
Malaki, makabagong "plastic hairbrush" sa kaakit-akit na mga kulay! Bawa't hairbrush ay matatamo ninyo sa halagang—
**₱0.25 LAMANG AT**

*1 balutan ng Fresco.*

Magbili ng marami para sa buong mag-anak!

**IKOREO ITONG KUPON NGAYON!**

**FRESCO**
**P. O. Box 2506, Maynila**

Mangyaring padalhan ako ng ———— **Fresco** hairbrush. (ilan)

Naglakip ako ng ₱0.25 at **isang (1) balutan ng** Fresco ukol sa bawa't Hairbrush.

Pangalan

Tinitirhan

Bayan

Lalawigan ..................
(isulat ng malinaw)

UMAGAP! ANG HANDOG NA ITO AY HANGGANG ABRIL 30 LAMANG.
(Magparaan ng 2-3 linggo ukol sa pagpapadala sa inyo.)




**BUMILI NG**
*fresco* DEODORANT BEAUTY SOAP
**NGAYON!**

Copyright PMC 1957